Estado ng Alaska

OPISYAL NA PAMPLETA NG HALALAN

Nobyembre 3, 2026



ALASKA DIVISION OF ELECTIONS

REHIYON I

- **Kodiak Island Borough**

Talaan ng mga Nilalaman

Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Martes, Nobyembre 3, 2026

Pagboboto ng Niraranggo na Pili 4
Sistema ng Pagbibilang ng Balota ng Alaska 6
Impormasyon sa Pagboto 7
Tulong at mga Alalahanin ng Botante 8
Tulong sa Wika 9
Pagboto sa Pamamagitan ng Absentee Ballot 10
Mga Lugar para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Absentee Ballot 11
Aplikasyon para sa Absentee Ballot 12
Mga Tagubilin para sa Aplikasyon para sa Absentee Ballot 13
Mga Lugar ng Botohan 14
Mga Kandidato para sa Inihahalal na Katungkulan 17
Senado ng Estados Unidos, Kinatawan ng Estados Unidos, Gobernador at Tenyente Gobernador 18
Mga Kandidato para sa Senado ng Distrito C, Kapulungan ng mga Kinatawan ng Distrito 5 39
Panukalang Balota 2 – 24ESEG 45
Panukalang Balota 3 – 25USCV 85
Sistema ng Pagsusuri at Panunungkulan ng mga Hukom sa Alaska 91
Mga Kandidato para sa Panunungkulan ng mga Hukom, Korte Suprema 96
Mga Kandidato para sa Panunungkulan ng mga Hukom, Ikatlong Distritong Panghukuman 98
Mga Pahayag ng mga Partidong Pulitikal 123
Korporasyon ng Permanenteng Pondo 126
Komisyon sa mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska 130
Sining sa Pabalat at Sticker/Mga Isinumiteng Gawa ng mga Mag-aaral 131

Tandaan: Ang mga halimbawang balota ay kasama ng mga kandidato para sa mga inihahalal na katungkulan at panunungkulan ng mga hukom. Ang mga mapa ay inilalagay kasama ng naaangkop na mga kandidato para sa kapulungan ng mga kinatawan at senado ng estado.

Ang publikasyong ito ay inihanda ng Dibisyon ng mga Halalan, ginawa sa halagang $4.65 bawat kopya upang ipaalam sa mga botanteng Alaskan ang tungkol sa mga isyung nasa Balota ng Pangkalahatang Halalan ng 2026 alinsunod sa AS 15.58.010 at inilimbag sa Portland, Oregon.

Mga Kandidato, Pangunahing Halalan, at Pagboto ng Niraranggo na Pili — AS 15.58.020(13)

Ang bawat kandidato ay maaaring magtalaga ng partidong pampulitika o grupong pampulitika na nakarehistro bilang kaanib niya. Ang pagtatalaga ng partidong pampulitika o grupong pampulitika ng kandidato sa balota ay hindi nangangahulugang ang kandidato ay nominado o inendorso ng partido o grupong iyon o na ang partido o grupo ay sumasang-ayon o nakaugnay sa kandidatong iyon.

Sa bawat labanan sa halalan, maaari kang bumoto para sa alinmang kandidatong nakalista. Kung nagkaroon ng pangunahing halalan para sa isang posisyon sa estado, senador ng Estados Unidos, o kinatawan ng Estados Unidos, ang apat na kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto para sa posisyon sa pangunahing halalan ay umuusad sa pangkalahatang halalan. Gayunpaman, kung ang isa sa apat na kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto para sa isang posisyon sa pangunahing halalan ay namatay, umatras, nagbitiw, nadiskuwalipika, o napatunayang walang kakayahan 64 na araw o higit pa bago ang pangkalahatang halalan, ang kandidatong nakatanggap ng ikalimang pinakamaraming boto para sa posisyong iyon ay umuusad sa pangkalahatang halalan.

Sa pangkalahatang halalan, ang bawat kandidato ay pipiliin sa pamamagitan ng proseso ng pagboboto ng niraranggo na pili at ang kandidatong may pinakamaraming boto ang ihahalal. Para sa pangkalahatang halalan, kailangan mong iranggo ang mga kandidato ayon sa bilang na pagkakasunod-sunod ng iyong kagustuhan, at maaari mong iranggo ang kasing daming kandidato na nais mo. Ang iyong ikalawa, ikatlo, at mga susunod pang ranggo ay bibilangin lamang kung ang kandidatong inilagay mo sa unang ranggo ay hindi nakatanggap ng sapat na boto upang magpatuloy sa susunod na yugto ng pagbibilang, kaya ang paglalagay ng ikalawa, ikatlo, o susunod pang ranggo ay hindi makakasama sa iyong kandidatong nasa unang ranggo. Ang iyong balota ay bibilangin kahit pumili kang magranggo ng isa, dalawa, o higit pang kandidato para sa bawat posisyon, ngunit hindi ito bibilangin kung maglalagay ka ng parehong ranggo sa higit sa isang kandidato para sa parehong posisyon.

Paunawa para sa Opisyal na Pampleto ng Halalan

Ang Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska ay may pananagutan sa pagsasagawa ng lahat ng halalan ng estado at pederal sa Alaska at sa pagbibigay ng rehistrasyon ng botante.

Ang aming misyon ay tiyakin ang tiwala ng publiko sa proseso ng halalan sa pamamagitan ng pangangasiwa ng rehistrasyon ng botante at mga halalan na may pinakamataas na antas ng pamantayang propesyonal, integridad, seguridad, katumpakan, at pagiging patas.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ay inaatasan sa ilalim ng AS 15.58 na isama sa Opisyal na Pampleto ng Halalan ang mga pahayag, opinyon, rekomendasyon, at komento na ibinigay ng iba’t ibang indibidwal at grupo, kabilang ang mga kandidato, mga partidong pampulitika, at mga grupong nagsusulong ng o tumututol sa mga inisyatiba. Ang anumang mga pahayag, opinyon, rekomendasyon, o komento na ipinahayag sa Opisyal na Pampleto ng Halalan ay mula sa indibidwal o grupong sumulat nito at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ay isang ahensiyang walang kinikilingan at patas at ipinagbabawal na sumulat o magbago ng teksto ng anumang isinumiteng pahayag na nakakatugon sa mga itinakdang kinakailangan ng batas. Ang Opisyal na Pampleto ng Halalan ay nilalayong magbigay-kaalaman sa mga botante tungkol sa mga bagay na kanilang pagbobotohan at upang pahintulutan ang bawat botante na makagawa ng isang may sapat na kaalamang pasya bago magbigay ng boto.

RANGGONG PAGBOTO
MGA MADALAS ITANONG

Punan lamang ang isang bilog bawat kandidato sa bawat kolum. **Hindi mo kailangang i-ranggo ang lahat ng kandidato.** Ang iyong ika-2 pagpipilian ay bibilangin lamang kung ang iyong unang pagpipilian ay matatanggal.

State Senator District B	ika-1 Pagpil	ika-2 Pagpili	ika-3 Pagpili	ika-4 Pagpili	ika-5 Pagpili
Larry Doe (Rehistradong Demokratiko)	○ 1	● 2	○ 3	○ 4	○ 5
Mac Allen (Rehistradong Republikano)	● 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Edna Mode (Di-nakapagpahayag)	○ 1	○ 2	○ 3	● 4	○ 5
Tiffany Strait (Hindi Partidista)	○ 1	○ 2	● 3	○ 4	○ 5
Isusulat	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5

Mga Pagkakamaling Dapat Iwasan

State Senator District B	ika-1 Pagpil	ika-2 Pagpili	ika-3 Pagpili	ika-4 Pagpili	ika-5 Pagpili
Larry Doe (Rehistradong Demokratiko)	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Mac Allen (Rehistradong Republikano)	● 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Edna Mode (Di-nakapagpahayag)	○ 1	○ 2	○ 3	● 4	○ 5
Tiffany Strait (Hindi Partidista)	○ 1	○ 2	● 3	○ 4	○ 5
Isusulat	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5

Kung lalaktawan mo ang isang ranggo, aangat ang susunod mong ranggo. Halimbawa, kung matatanggal ang iyong unang piniling kandidato, ang iyong ikatlong pagpipilian ay magiging ikalawang pagpipilian at ang iyong ikaapat na pagpipilian ay magiging ikatlong pagpipilian.

State Senator District B	ika-1 Pagpil	ika-2 Pagpili	ika-3 Pagpili	ika-4 Pagpili	ika-5 Pagpili
Larry Doe (Rehistradong Demokratiko)	● 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Mac Allen (Rehistradong Republikano)	○ 1	○ 2	○ 3	● 4	○ 5
Edna Mode (Di-nakapagpahayag)	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Tiffany Strait (Hindi Partidista	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Isusulat	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5

Kung lalaktawan mo ang dalawa o higit pang ranggo nang sunod-sunod, ang mga ranggo lamang bago ang mga nilaktawan ang bibilangin. Halimbawa, ang iyong unang pagpipilian ay bibilangin at ang ikaapat na pagpipilian ay hindi bibilangin.

State Senator District B	ika-1 Pagpil	ika-2 Pagpili	ika-3 Pagpili		
Larry Doe (Rehistradong Demokratiko)	● 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Mac Allen (Rehistradong Republikano)	○ 1	● 2	○ 3	○ 4	○ 5
Edna Mode (Di-nakapagpahayag))	○ 1	● 2	○ 3	○ 4	○ 5
Tiffany Strait (Hindi Partidista)	○ 1	○ 2	● 3	○ 4	○ 5
Isusulat	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5

Kung bibigyan mo ng parehong ranggo ang higit sa isang kandidato, walang bibilangin pagkatapos ng mga kandidatong iyon. Sa halimbawang ito, ang iyong unang pagpipilian lamang ang bibilangin.

State Senator District B	ika-1 Pagpil	ika-2 Pagpili			
Larry Doe (Rehistradong Demokratiko))	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Mac Allen (Rehistradong Republikano)	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Edna Mode (Di-nakapagpahayag))	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5
Tiffany Strait (Hindi Partidista)	● 1	● 2	● 3	○ 4	○ 5
Isusulat	○ 1	○ 2	○ 3	○ 4	○ 5

Isang beses lamang bibilangin ang iyong boto, kahit na i-ranggo mo ang isang kandidato nang higit sa isang beses. Kapag ang isang kandidato ay natanggal sa isang yugto, hindi na siya kasama sa lahat ng susunod pang yugto.

RANGGONG PAGBOTO
MGA MADALAS ITANONG

Unang Yugto:
Binibilang ng Dibisyon ang lahat ng unang pagpipilian. Kung ang isang kandidato ay makakuha ng 50% + 1 boto sa unang yugto, siya ang mananalo at hihinto ang pagbibilang.
Kung hindi, magpapatuloy ang pagbibilang sa Ikalawang Yugto.

Ikalawang Yugto (at susunod pa):
Ang kandidatong may pinakamakaunting boto ang matatanggal. Kung bumoto ka sa kandidatong iyon, mapupunta ang iyong boto sa susunod mong pagpipilian at patuloy kang may bahagi sa pagpili ng mananalo.


Kung hindi natanggal ang iyong unang pagpipilian, mananatili ang iyong boto sa kanya. Muling bibilangin ang mga boto.

Magpapatuloy ito sa mga yugto hanggang dalawang kandidato na lamang ang matitira at ang may pinakamaraming boto ang mananalo.

Ano ang mangyayari kung iisa lamang ang iboboto ko?
Bibilangin ang iyong boto sa unang yugto at mananatili ito sa iyong kandidato sa buong proseso ng pagbibilang.

ISKEDYUL NG PAGBIBILANG SA PANGKALAHATANG HALALAN

Paano ko malalaman kung kailan at bakit natanggal ang aking mga kandidato? Ang mga ulat ng resulta na nagpapakita kung ilang boto ang nakuha ng bawat kandidato sa bawat yugto at kung paano nailipat ang mga boto kapag natanggal ang mga kandidato ay makikita sa website ng Dibisyon, kasama ang isang buod na ulat na nagpapakita ng pinal na bilang ng boto para sa nanalong kandidato.



Mangyaring bisitahin ang **www.elections.alaska.gov/rcv**.php para sa mas detalyadong impormasyon, mga halimbawang balota, mga paliwanag na video, at mga isinaling impormasyon.

Sistema ng Pagbibilang ng Balota ng Alaska

Ligtas ang Iyong Boto!

Tatlong magkakaibang paraan ang ginagamit ng Alaska sa pagbibilang ng mga balota:

- Mga Balotang Binibilang nang Mano-mano
- Aparato ng Pag-scan sa Presinto
- Tableta para sa Pagboto

Ang sistema ng pagbibilang ng balota ng Alaska ay may papel na talaan para sa bawat balotang naibigay. Ang bawat presinto ay tumatanggap ng mga papel na balota na maaaring bilangin nang mano-mano kapag nagsara ang botohan o ini-scan sa araw habang ipinapasok ng botante ang balota sa aparato ng pag-scan sa presinto at ang mga resulta ay binibilang pagkatapos magsara ang botohan. Bukod dito, sa mga pederal na halalan, ang bawat presinto ay may tableta para sa pagboto na may papel na talaan na maaaring mapatunayan ng botante.

Ang sistemang ginagamit sa Alaska para sa paggawa at pagbibilang ng mga balota ay sertipikado ng pederal na pamahalaan at masusing sinusuri bago ang bawat halalan. Ito ay isang hiwalay na sistema na hindi konektado sa internet o sa anumang network habang isinasagawa ang pagboto.

Ang bawat aparato ng pag-scan sa presinto at tableta para sa pagboto, kasama ang kanilang kaukulang aparatong imbakan ng datos, ay sinusuri bago ang halalan. Dalawang magkaibang pagsusuri ng lohika at katumpakan ang isinasagawa ng dalawang magkahiwalay na lupon na may dalawang partido (ang Lupon ng Pagsusuri ng Estado at ang Panrehiyong Lupon ng Pagbibilang) upang matiyak na tama ang pagbibilang ng mga aparato. Bukod sa pagsusuri ng katumpakan ng pagbibilang ng balota, bago ang bawat halalan ay isinasagawa rin ang mga pagsusuri sa paggana ng bawat kagamitan upang matiyak na ang bawat isa ay nasa maayos na kondisyon ng paggamit.

Bago ang sertipikasyon ng halalan, inaatasan ng batas ng estado ang Lupon ng Pagsusuri ng Estado na magsagawa ng beripikasyon ng pagbibilang nang mano-mano sa mga random na presinto na gumagamit ng mga aparato ng pag-scan sa presinto. Ang mga presintong random na pinili ay dapat kumatawan sa hindi bababa sa 5% ng kabuuang mga botong naibigay sa bawat isa sa 40 distrito ng kapulungan. Kung may diperensiya na higit sa 1% sa beripikasyon ng pagbibilang nang mano-mano, ipinag-uutos ang pagbibilang nang mano-mano ng lahat ng mga balotang naibigay sa distrito. Mula nang ipatupad ito noong 1998 hanggang sa kasalukuyan, hindi pa nagkaroon ng diperensiya na umabot sa 1% o higit pa.

Bagaman hindi inaatasan ng batas, pinili ng Dibisyon na ang Lupon ng Pagsusuri ng Estado ay magsagawa rin ng beripikasyon ng pagbibilang nang mano-mano sa mga random na piniling distrito ng kapulungan para sa mga balotang naiboto nang maaga, mga balotang ipinadala sa koreo, at mga kuwestiyunadong balota na may representasyon mula sa bawat isa sa limang panrehiyong opisina.

Matapos makumpleto ng Lupon ng Pagsusuri ng Estado ang kanilang pag-audit, ang halalan ay sinisertipikahan at ang mga resulta ay nagiging opisyal. Ang proseso ay sadyang mabagal at sistematiko upang matiyak ang katumpakan. Bukod dito, dahil ang ilang mga balota ay maaaring bilangin sa ika-15 araw pagkatapos ng pangkalahatang halalan, hindi maaaring isagawa ang sertipikasyon bago ang panahong iyon.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska ay nakatuon sa seguridad at katumpakan ng aming proseso ng halalan. Kinikilala ng Dibisyon na ang anumang sistema ng halalan ay maaaring mapasailalim sa pandaraya kung walang mga hakbang sa seguridad. Ang Alaska ay may malawak na mga pamamaraan, kabilang ang maraming antas ng seguridad na binubuo ng pinagsamang paggamit ng mga tao, mga proseso, at mga teknolohiya na tumutulong sa pagsasagawa ng ligtas, mapagkakatiwalaan, at tumpak na mga halalan.

Mga Presinto ng Botohan
Ang mga presinto ng botohan ay bukas mula 7:00 n.u. hanggang 8:00 n.h. Upang hanapin ang iyong presinto ng botohan, bisitahin ang https://myvoterportal.alaska.gov o https://www.elections.alaska.gov/poll-locator, o tumawag sa 1-866-952-8683.

Magdala ng Pagkakakilanlan sa Presinto ng Botohan
DAPAT kang maging handang magpakita ng isang uri ng pagkakakilanlan. Maaari mong gamitin ang sumusunod na ID:

- Kard ng Pagkakakilanlan ng Botante
- Sertipiko ng Kapanganakan
- Pasaporte
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Estado
- Lisensya sa Pagmamaneho
- Lisensya sa Pangangaso o Pangingisda
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Militar
- Kasalukuyan at balidong kard ng pagkakakilanlan na may larawan

Bilang alternatibo, maaari kang gumamit ng orihinal na kopya ng isa sa mga sumusunod na dokumento kung naglalaman ito ng iyong pangalan at kasalukuyang tirahan:

- Kasalukuyang Bayarin sa Serbisyong Pampubliko
- Tseke mula sa Pamahalaan
- Pahayag ng Bangko
- Tseke ng Sahod
- Iba Pang Dokumento Mula sa Pamahalaan (Kabilang ang mga Tribal ID)

Ano ang Mangyayari Kung ang Iyong Pangalan ay Wala sa Rehistro
Kung ang iyong pangalan ay hindi lumitaw sa rehistro ng presinto o kung wala kang pagkakakilanlan, kakailanganin mong bumoto gamit ang isang kuwestiyunadong balota. Ang iyong nabotong balota ay ilalagay sa isang supot para sa pagiging lihim at pagkatapos ay isasara sa loob ng isang nakumpletong sobre ng kuwestiyunadong balota. Ang impormasyong ibibigay mo sa labas ng sobre ng kuwestiyunadong balota ay gagamitin upang matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat na bumoto at upang ma-update ang iyong rehistrasyon bilang botante. Kung sa anumang dahilan ang iyong kuwestiyunadong balota ay hindi ganap na mabibilang, ikaw ay aabisuhan sa pamamagitan ng sulat.

Pagmamarka ng Balota
Kapag bumoboto sa balota, punuin nang buo ang bilog sa tabi ng kandidato o isyung nais mong iboto. Punuin ang bilog nang ganito: ●

Kailangan mo lamang markahan ang mga labanan sa halalan o mga isyu na nais mong iboto. Kung magmamarka ka ng higit sa isang pagpipilian sa isang labanan sa halalan o isyu, ang bahaging iyon ng balota ay **HINDI** bibilangin. Ang mga bahagi ng balota na wastong namarkahan ay bibilangin.

Kung nagkamali ka sa pagmamarka ng iyong balota, **HUWAG** burahin o itama ang balota. Maaari mong ibalik ang nasirang balota sa isang manggagawa sa halalan at humiling ng bagong balota. Kung susubukan mong itama ang isang pagkakamali sa balota, maaaring hindi mabilang ang itinamang boto.
Tandaan: *Maaari ka lamang makatanggap ng kapalit para sa nasirang balota nang dalawang beses.*

Ipinagbabawal ang Pangangampanya
Hindi pinahihintulutan ang pangangampanya sa loob ng 200 talampakan mula sa anumang pasukan ng presinto ng botohan habang bukas ang botohan. Kabilang dito ang anumang talakayan tungkol sa mga kandidato o mga isyung nasa balota o ang pagpapakita ng mga gamit sa pangangampanya tulad ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumbrero, kamiseta, karatula, dikit sa bumper, o mga pindutan. (AS 15.15.170)

Tulong at mga Alalahanin ng Botante

Tulong Habang Bumoboto
Kung kailangan mo ng tulong sa wika o iba pang tulong habang nagaganap ang pagboto, maaari kang pumili ng taong tutulong sa iyo. Ang taong iyon ay hindi maaaring maging kandidato sa halalan, ang iyong tagapag-empleyo, isang kinatawan ng iyong tagapag-empleyo, o isang kinatawan ng iyong unyon. Maaari kang magkaroon ng tulong sa bawat hakbang ng proseso ng pagboto, kabilang ang loob ng kubol ng botohan para sa pagbasa o pagmamarka ng balota. Ang mga manggagawa sa halalan sa presinto ng botohan ay maaari ring tumulong sa iyo. Ito ay iyong karapatan sa ilalim ng pederal na batas.

Tulong sa Wika
Sa ilalim ng Seksyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto, ang Dibisyon ng mga Halalan ay nagbibigay ng tulong sa wika sa mga botanteng may limitadong kasanayan sa Ingles na matatas sa mga wikang Katutubong Alaskan o Tagalog. Sa Araw ng Halalan, may mga bilingual na manggagawa sa halalan sa mga lugar ng botohan upang tulungan ang mga botante sa proseso ng pagboto, kabilang ang pagpapaliwanag ng mga pamamaraan sa pagboto at pagsasalin ng mga materyales sa balota kung kinakailangan.

Sa mga komunidad na saklaw ng Kasunduang Toyukak, ang mga bilingual na manggagawa sa outreach ay magagamit din bago ang Araw ng Halalan. Ang mga manggagawang ito ay nagbibigay ng mga anunsyo, nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa halalan sa kanilang mga komunidad, at tumutulong sa mga botante sa mga gawaing may kaugnayan sa halalan tulad ng pagpaparehistro ng botante, pagboto nang absentee, at pag-unawa sa impormasyong nakapaloob sa polyetong ito.

Kung kailangan mo ang pangalan ng taong nagbibigay ng tulong sa wika sa iyong komunidad, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan. Maaaring makakuha ng tulong sa wika ang sinumang botante sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na 1-866-954-8683.

Tableta para sa Pagboto
Sa Araw ng Halalan, ang bawat presinto ng botohan ay may tableta para sa pagboto. Ang tableta para sa pagboto ay para sa mga bulag, may kapansanan, at sa mga botanteng hindi mahusay magbasa. Pinahihintulutan nito ang mga botante na bumoto nang walang tulong gamit ang pinalaking balota, balotang may mataas na contrast, at mga balotang may awdyó. Sa mga itinalagang lugar kung saan may mga botanteng may limitadong kaalaman sa Ingles, ang tableta para sa pagboto ay mayroon ding awdyó na salin ng balota sa mga Wikang Katutubo ng Alaska at Tagalog para sa mga naaangkop na rehiyon. Ang pagboto gamit ang balotang may awdyó ay maaaring tumagal ng 15 – 20 minuto. Kung kailangan mong bumoto gamit ang aparatong tableta para sa pagboto, ipaalam ito sa lupon ng halalan.

Mga Botanteng may Kapansanan sa Paningin
Bukod sa tableta para sa pagboto sa bawat presinto ng botohan, ang mga pampalakí ng balota ay makukuha sa lahat ng presinto ng botohan at mga lugar ng pagboto nang wala sa presinto. Ang awdyó na pagrekord ng pampletong ito ay makukuha mula sa Aklatang Pang-estado ng Alaska, Sentro ng mga Aklat na Pinakikinggan, na matatagpuan sa Juneau at sa website ng Dibisyon ng mga Halalan. Tumawag sa aklatan sa (907) 465-1315 para sa impormasyon.

Mga Botanteng may Kapansanan sa Pandinig
Para sa mga katanungan, maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan sa pamamagitan ng aming aparatong TTY para sa telekomunikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (907) 465-3020.

Mga Botanteng may Pisikal na Kapansanan
Kung nahihirapan kang makapasok sa iyong presinto ng botohan, o kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagiging madaling mapuntahan ng iyong presinto ng botohan, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan. Ginagawa namin ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na ang mga presinto ng botohan ay madaling mapuntahan ng lahat ng mga taga-Alaska.

Mga Alalahanin, Komento, at mga Katanungan
Kung mayroon kang anumang mga alalahanin, komento, o mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa isang Opisina ng Dibisyon ng mga Halalan.

Opisina ng Direktor
(907) 465-4611
Libreng Tawag: 1-866-952-8683

Rehiyon I
Juneau: (907) 465-3021
Libreng Tawag: 1-866-948-8683

Rehiyon II
Anchorage: (907) 522-8683
Libreng Tawag: 1-866-958-8683

Rehiyon III
Fairbanks: (907) 451-2835
Libreng Tawag: 1-866-959-8683

Rehiyon IV
Nome: (907) 443-5285
Libreng Tawag: 1-866-953-8683

Rehiyon V
Mat-Su: (907) 373-8952
Libreng Tawag: 1-844-428-8952

Tulong sa Wika
Libreng Tawag: 1-866-954-8683

TULONG SA WIKA

Ang tulong sa wika ay magagamit sa Araw ng Halalan. Ang mga pagtukoy sa Seksyon 203 noong 2021 at ang Kasunduang Toyukak ay nag-aatas sa Dibisyon na magbigay ng tulong sa wika sa mga sumusunod na wika at diyalekto:

- Bristol Bay Yup’ik
- Chevak Cup’ik
- General Central Yup’ik
- Hooper Bay Yup’ik
- Norton Sound Kotlik Yup’ik
- Nunivak Cup’ig
- Yukon Yup’ik
- Northern Inupiaq
- Tagalog

Upang makakuha ng tulong sa wika online, bisitahin ang **www.elections.alaska.gov/language-assistance/**.
Kabilang sa mga magagamit na isinaling materyales ang:

- Polyeto ng Panukalang Botohan (BMP)/ Opisyal na Pampleto ng Halalan (OEP)
- Mga Halimbawa ng Balota
- Mga Materyal Panturo Tungkol sa Pagboboto ng Niraranggo na Pilian
- Mga Pormularyo para sa Rehistrasyon ng Botante
- At Marami Pa!

ALASKA DIVISION OF ELECTIONS

Pagboto nang Wala sa Presinto

Kung ayaw mong pumunta sa iyong presinto upang bumoto sa Araw ng Halalan, may mga sumusunod na opsyon na maaari mong piliin.

Pagboto sa Lugar ng Pagboto nang Wala sa Presinto
Simula Oktubre 19, 2026, maaari kang bumoto sa isang lugar ng pagboto nang wala sa presinto. Ang mga balota para sa lahat ng 40 distrito ay makukuha sa mga itinalagang lugar ng botohan. Bukod dito, maraming iba pang lugar ng pagboto sa buong Alaska na magkakaroon ng mga balota para sa distrito ng kapulungan ng komunidad. Para sa karagdagang impormasyon o para sa listahan ng mga lugar ng pagboto nang wala sa presinto bisitahin ang aming website sa www.elections.alaska.gov/avo/ o makipag-ugnayan sa isang Opisina ng Halalan sa Rehiyon.

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o Elektronikong Pagpapadala
Upang bumoto sa pamamagitan ng koreo o elektronikong pagpapadala, kailangan mong magsumite ng isang aplikasyon.

Pagtanggap ng Balota sa Pamamagitan ng Koreo
Kailangan mong kumpletuhin ang isang aplikasyon para sa balota ng pagboto nang wala sa presinto upang makatanggap ng balota sa koreo. **Ang iyong aplikasyon DAPAT matanggap bago o sa Oktubre 24, 2026, upang makatanggap ng balota para sa Pangkalahatang Halalan.** Mag-aplay nang maaga upang matiyak ang napapanahong paghahatid ng iyong balota. Kapag ibinabalik ang iyong nabotong balota, dapat itong may tatak-koreo sa o bago ang Araw ng Halalan.

Pagtanggap ng Balota sa Pamamagitan ng Elektronikong Pagpapadala
May dalawang paraan upang bumoto sa pamamagitan ng elektronikong pagpapadala. Maaari kang mag-aplay upang padalhan ka ng balota sa pamamagitan ng FAX o online na paghahatid. **Para sa Pangkalahatang Halalan, maaari kang mag-aplay sa pagitan ng mga petsang Oktubre 19, 2026 hanggang 5:00pm Oras ng Alaska sa Nobyembre 2, 2026.** Ang iyong nabotong balota ay maaari lamang ibalik sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng fax. Kung ibabalik mo ang iyong nabotong balota sa pamamagitan ng fax, dapat itong matanggap nang hindi lalampas sa 8:00pm Oras ng Alaska sa Araw ng Halalan. Kung ibabalik mo ang iyong nabotong balota sa pamamagitan ng koreo, dapat itong may tatak-koreo sa o bago ang Araw ng Halalan.

Hinihikayat ang mga botante na mag-aplay nang walang papel gamit ang online na sistema ng aplikasyon para sa absentee na balota ng dibisyon, https://absenteeballotapplication.alaska.gov/. Nakakatipid ito ng oras, papel at selyo sa koreo!

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o elektronikong pagpapadala, mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina para sa mga Botanteng Hindi Makakarating sa (907) 270-2700 o sa Libreng Tawag 1-877-375-6508.

Pagboto para sa mga Taong may Espesyal na Pangangailangan
Kung hindi ka makapunta sa presinto ng botohan dahil sa edad, malubhang karamdaman, o kapansanan, maaari kang magtalaga ng isang personal na kinatawan upang kunin at ihatid sa iyo ang balota simula 15 araw bago ang halalan sa isang lugar ng pagboto nang wala sa presinto o sa Araw ng Halalan sa presinto ng botohan. Ang iyong personal na kinatawan ay maaaring sinuman, maliban sa isang kandidato sa halalan, ang tagapag-empleyo ng botante, isang kinatawan ng tagapag-empleyo ng botante, o isang opisyal o kinatawan ng unyon ng botante.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto nang wala sa presinto, makipag-ugnayan sa alinmang opisina ng Dibisyon ng mga Halalan o bisitahin ang aming website sa:
www.elections.alaska.gov

Mga Lokasyon para sa Pagboto ng Absentee o Maagang Pagboto

Ang mga balota ay makukuha sa mga sumusunod na panrehiyong tanggapan para sa lahat ng distrito (maliban kung may ibang nakasaad):

Oktubre 19 - Nobyembre 2
Lunes hanggang Biyernes: 8:00am - 5:00pm
Sabado: 10:00am - 4:00pm, at Linggo: 12:00pm - 4:00pm
Araw ng Halalan, Nobyembre 3: 7:00am - 8:00pm

JUNEAU
Opisina ng Halalan sa Rehiyon I
Mendenhall Mall Annex
9109 Mendenhall Mall Road, Suite 3

NOME
Opisina ng Halalan sa Rehiyon IV
Sitnasuak Building
214 Front Street, Suite 130

KENAI*
Sangay na Tanggapan ng Halalan sa Rehiyon V 11312 Kenai Spur Hwy, Suite 24
Sarado sa Araw ng Halalan
(Mga distrito 5-8 at 37 lamang)

FAIRBANKS
Opisina ng Halalan sa Rehiyon III
675 7th Ave., Suite A2

Makukuha ang mga balota para sa lahat ng distrito sa mga sumusunod na karagdagang lokasyon:

JUNEAU - Downtown
State Office Building
333 Willoughby Ave., 8th Floor
Oktubre 19 - Nobyembre 2
Lunes - Biyernes:
8:00am - 5:00pm

FAIRBANKS
UAF Wood Center
1731 S Chandalar Drive
Lunes, Nobyembre 2
8:00am – 5:00pm
Araw ng Halalan, Nobyembre 3
7:00am – 8:00pm

ANCHORAGE AIRPORT
Ted Stevens International Airport
(Unang palapag - unang antas mula sa gusali ng paradahan)
Araw ng Halalan, Nobyembre 3
7:00am – 8:00pm

ANCHORAGE
City Hall
632 W. 6th Ave.
Oktubre 19 - Nobyembre 2
8:00am – 5:00pm
(walang Sabado at Linggo)

Southcentral Foundation
4341 Tudor Centre Dr Anchorage, AK 99508
Oktubre 27 - Nobyembre 3
9:00am – 4:00pm

UAA Student Union
2921 Spirit Dr – downstairs
Araw ng Halalan, Nobyembre 3
7:00am – 8:00pm

Midtown Mall
600 E Northern Lights Blvd
Oktubre 19 - Nobyembre 2
Lunes - Biyernes:
8:00am – 5:00pm
Tuwing Sabado:
10:00am – 4:00pm
Tuwing Linggo:
12:00pm – 4:00pm
Araw ng Halalan, Nobyembre 3
7:00am – 8:00pm

WASILLA
Menard Sports Center
1011 S Clapp St
Oktubre 19 - Nobyembre 2
Lunes - Biyernes:
8:00am – 5:00pm
Tuwing Sabado:
10:00am – 4:00pm
Tuwing Linggo:
12:00pm – 4:00pm
Araw ng Halalan, Nobyembre 3
7:00am – 8:00pm

PRUDHOE BAY
1234 Drillsite Road
Sabado, Oktubre 31
12:00pm – 5:00pm
Linggo, Nobyembre 1
8:00am – 5:00pm
Lunes, Nobyembre 2
8:00am – 8:00pm
Araw ng Halalan, Nobyembre 3
8:00am – 8:00pm

Makukuha rin ang mga balota para sa mga indibidwal na distrito sa maraming iba pang komunidad sa buong Alaska. Ang mga petsang nakasaad sa itaas ay kasalukuyan hanggang #####. Para sa kasalukuyan at kumpletong listahan ng mga lokasyon para sa pagboto ng absentee, bisitahin ang website ng Dibisyon o makipag-ugnayan sa isa sa mga Panrehiyong Tanggapan ng mga Halalan.

www.elections.alaska.gov

Aplikasyon para sa Absentee Ballot (balota ng botanteng hindi makakadalo nang personal sa botohan sa araw ng halalan) sa Alaska – Para sa Pederal at Pang-estadong Halalan

Mga Halalan:	**1**	❑ Lahat sa Kalendaryong Taon ❑ Primarya (Agosto) ❑ Pangkalahatan (Nobyembre) ❑ REAA (Oktubre) ❑ Espesyal
Pagiging kwalipikado: Kung ang sagot mo ay 'Hindi' sa alinman sa mga tanong, hindi ka maaaring magparehistro.	**2**	Ikaw ba ay mamamayan ng Estados Unidos? (Hindi kwalipikado ang mga U.S. National na hindi mamamayan.) ❑ Oo ❑ Hindi Ikaw ba ay hindi bababa sa 18 taong gulang o nasa loob ng 90 araw bago ang iyong ika-18 kaarawan? ❑ Oo ❑ Hindi
Isulat ang iyong pangalan nang malinaw:	**3**	**Apelyido** **Pangalan** **Gitnang Pangalan** **Suffix**
Iba pang impormasyon:	**4**	**Dating pangalan** (kung nagbago): **Numero ng botante** (kung alam)
Address ng tirahan sa Alaska: Magbigay ng address ng tirahan sa Alaska. Huwag gumamit ng PO, PSC, HC at Box o tirahan sa labas ng estado.	**5**	**Numero ng Bahay** **Pangalan ng Kalye** **Numero ng Apartment** **Lungsod** Alaska **Estado** ❑ *Panatilihing kumpidensyal ang aking address ng tirahan. Ang address sa koreo sa 6 ay DAPAT naiiba sa tirahan sa 5.
Ang address kung saan ka tumatanggap ng sulat (Permanente):	**6**	
Mga Identipikasyon: **KAILANGAN** mong magbigay ng **ISA**:	**7**	***SSN o Huling 4 na numero** ***Lisensya sa pagmamaneho ng Alaska o ID ng Estado** ❑ Wala akong SSN o lisensya sa pagmamaneho ng Alaska o ID ng Estado
Petsa ng Kapanganakan at **Kasarian**: **KAILANGAN** mong magbigay ng **Petsa ng Kapanganakan**:	**8**	***Petsa ng Kapanganakan** **Kasarian** ❑ Lalaki ❑ Babae
Partido politikal na kinaaaniban:	**9**	**Isulat ang partidong kinaaaniban** (Para sa mga pagpipilian, tingnan ang mga tagubilin):
Kanselahin ang rehistrasyon sa ibang estado	**10**	**Lungsod:** **Estado:** **Lalawigan:**
Mga Botanteng Militar at Nasa Ibang Bansa: Suriin ang iyong katayuan.	**11**	❑ Aktibong miyembro ng Mga Unipormadong Serbisyo, Merchant Marine, o commissioned corps, o kwalipikadong asawa o dependent. ❑ O ako ay pansamantala o permanenteng naninirahan sa **ibang bansa** at balak kong bumalik sa Alaska.
Paraan ng Paghahatid ng Balota: Piliin ang paraan ng paghahatid ng iyong balota. Paalala: Maaaring pumili ang mga botanteng militar o nasa ibang bansa ng Koreo, Online, o Fax	**12**	Ang opsyon na online o fax ay hindi magagamit sa mga sibilyan (hindi militar/nasa ibang bansa) na botante hanggang 15 araw bago ang araw ng halalan. Bago ang petsang ito, kung mapili, ipapadala sa iyo ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo. ❑ **Koreo** – Punan ang kahon 14 ❑ **Online –** Punan ang kahon 15 ❑ **Fax** – Punan ang kahon 15
Nasa malalayong lugar sa Alaska o sa ibang bansa?	**13**	❑ Oo, ako ay nasa rural na lugar sa Alaska o sa ibang bansa kung saan limitado ang serbisyo ng koreo. Kung oo, ipapadala sa iyo ang balota 45 araw bago ang halalan.
Address para sa pagpapadala ng balota: Ang mga balota ay **HINDI** ipapasa. Magbigay ng address kung saan mo matatanggap ang koreo.	**14**	
Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: Isama ang lahat ng prefix para sa estado at internasyonal.	**15**	*Telepono: *Fax: *Email:
Sertipiko—Basahin at Lagdaan: **Ang iyong lagda ay dapat isinulat ng kamay**. Hindi valid ang naka-type o digital na lagda. ***Ang mga impormasyong ito ay pinananatiling kumpidensyal at hindi puwedeng inspeksyunin ng publiko, maliban kung ang mga kumpidensyal na address ay maaaring ibigay sa mga ahensya ng pamahalaan o sa mga proseso ng halalan ayon sa itinakda ng batas ng estado.**	**16**	Ako ay nanunumpa o nagpapatibay, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa (perjury), na: Ang impormasyong nakasaad sa form na ito ay totoo, tama, at kumpleto sa abot ng aking kaalaman at karapatan kong bumoto sa hinihiling na hurisdiksyon. Hindi ako humihiling ng balota mula sa anumang ibang estado, at hindi rin ako bumoboto sa anumang ibang paraan sa (mga) halalang ito. Ako rin ay nagpapatunay na ako ay residente ng Alaska at na hindi ako nahatulan ng isang felony na may kinalaman sa imoralidad (moral turpitude), o kung ako man ay nahatulan, ako ay ganap nang nakalaya mula sa pagkakakulong, probation at/o parole. Ako ay hindi rehistrado upang bumoto sa ibang estado, o nagawa ko na ang mga kinakailangang hakbang upang kanselahin ang aking rehistrasyon. **BABALA: Kung magbibigay ka ng maling impormasyon sa aplikasyon na ito, maaari kang mahatulan ng felony at/o misdemeanor. (AS 15.56.040; AS 15.56.050)** ***Lagda:** **Petsa:**
For Office Use		Registrar or Office Official Name: Voter No. or last 4 of SSN:

www.elections.alaska.gov C06 TAG (Rev. 04/16/2026)

Aplikasyon para sa Absentee Ballot sa Alaska Para sa Pang-estado at Pederal na Halalan

- Suriin ang status ng iyong aplikasyon para sa absentee ballot sa myvoterportal.alaska.gov.

Mag-apply para makakuha ng absentee ballot para sa pederal at estado

Gamitin ang form na ito nang sabay upang:

- Humiling ng absentee ballot.
- Magparehistro para bumoto.
- Baguhin ang iyong impormasyon sa rehistrasyon.

Para makapagparehistro, dapat ikaw ay

- Isang mamamayan ng Estados Unidos. Ang mga hindi mamamayan at mga Noncitizen Nationals ay hindi maaaring magparehistro para bumoto.
- Isang residente ng Alaska.
- 18 taong gulang o nasa loob ng 90 araw bago ang iyong ika-18 kaarawan.
- Kapag nagparehistro para bumoto, kailangang beripikahin ang iyong identipikasyon. Isumite ang kopya ng iyong kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho, ID ng estado, pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, lisensya sa pangangaso at pangingisda o kasalukuyan at valid na photo ID kasama ng iyong aplikasyon.

Ang mga balota ay HINDI ipapasa

- Magbigay ng permanenteng address sa koreo.
- Magbigay ng address sa koreo kung saan mo matatanggap ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo. Kung hindi ka magbibigay ng address sa koreo para sa pagpapadala ng balota, ang iyong balota ay ipapadala sa iyong permanenteng address sa koreo.

Mga identipikasyon at contact

- DAPAT kang magbigay ng ISANG identipikasyon at ang iyong petsa ng kapanganakan.
- Magbigay ng numero ng telepono at/o email address para sa pakikipag-ugnayan. Kung may problema sa iyong aplikasyon, makikipag-ugnayan kami sa iyo.

Address ng tirahan sa Alaska

- Magbigay ng address ng tirahan sa Alaska. Maaaring matanggihan ang iyong aplikasyon kung magbibigay ka ng address sa labas ng estado, PO Box, HC number at box, rural route, commercial address, mail stop address, atbp.

Pansamantalang wala sa estado at may balak bumalik?

- Maaari mong panatilihin ang iyong address ng tirahan sa Alaska kung saan ka nanirahan bago umalis sa Alaska o kung saan ka kasalukuyang nakarehistro sa Alaska. *Ang mga aktibong miyembro ng militar at kanilang asawa ay hindi kailangang patunayan ang hangaring bumalik sa Alaska.*

Militar o nasa ibang bansa?

- Kapag humihiling ng balota sa pamamagitan ng fax o online, ang iyong aplikasyon ay dapat matanggap bago mag-5:00 p.m. Alaska Standard Time sa araw bago ang primaryang halalan, pangkalahatang halalan, o halalan sa buong estado.
- Siguraduhing ibigay ang iyong numero ng fax o email kapag humihiling ng balota sa pamamagitan ng fax o online.
- Mga mamamayang nasa ibang bansa, kung wala kayong balak bumalik sa Alaska at nais makilahok sa pederal na halalan, makipag-ugnayan sa aming tanggapan na nakalista sa ilalim ng 'May Mga Tanong?' upang matanggap ang tamang aplikasyon.

Paraan ng Paghahatid ng Balota

- Maaaring pumili ng anumang opsyon anumang oras ang mga botanteng militar at nasa ibang bansa sa kahon 11 para sa primaryang halalan, pangkalahatang halalan, at espesyal na halalan sa buong estado.
- Hindi maaaring pumili ng opsyon na online o fax ang mga sibilyang botante hanggang 15 araw bago ang araw ng halalan.
- Kung pipili ang isang sibilyang botante ng online o fax bago ang 15 araw, ang paraan ng paghahatid ng balota ay awtomatikong ipapadala sa pamamagitan ng koreo.

May Mga Tanong?

- Tumawag sa amin:
  907-270-2700
  877-375-6508 (libreng tawag sa U.S.)
- Mag-email sa amin:
  akabsentee@alaska.gov
- Bisitahin ang aming website:
  elections.alaska.gov

Mga Deadline

- Nakapagparehistro na? Dapat matanggap ang iyong aplikasyon 10 araw bago ang halalan.
- Nagpaparehistro pa lamang upang bumoto? Para makaboto sa isang halalan, ang iyong aplikasyon ay dapat may postmark o matanggap 30 araw bago ang halalan, maliban sa halalan para sa presidente.
- Sa halalan para sa presidente, maaari kang magparehistro at bumoto sa presidential race hangga't ang iyong kahilingan para sa balot sa pamamagitan ng koreo ay matanggap 10 araw bago ang halalan.

Mga Partidong Kinaaaniban

- Maari mong tukuyin ang iyong partidong kinaaaniban. Kung hindi ka pipili ng partidong kinaaaniban, ikaw ay mairerehistro bilang hindi nagdeklara ng partido. Ang mga pagpipilian sa partidong kinaaaniban sa Alaska ay ang mga sumusunod:
  - **Kinikilalang Partido Politikal**: Partidong Demokratiko ng Alaska, Partidong Libertarian ng Alaska, Partidong Republikano ng Alaska
  - **Mga Grupong Politikal**: Alaska Constitution Party, Green Party of Alaska, UCES' Clowns Party, Veterans Party of Alaska, Alaskan Party, Conservative Party USA, Reform Alaska Permanent Fund Dividend Party
  - **Iba pa**: Walang partido politikal (hindi kabilang sa anumang partido o grupong politikal), Hindi nagdeklara ng partido (hindi nais ideklara ang politikal na kinaaaniban)

Isumite ang iyong aplikasyon

- Ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng koreo:
  Dibisyon ng mga Halalan
  Absentee at Petition Office
  3651 Penland Pkwy, Floor 2
  Anchorage AK 99508-2034
- Ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng fax:
  907-677-9943
  855-677-9943 (libreng tawag sa U.S.)
- Ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng email:
  akabsentee@alaska.gov

Mga Presinto ng Botohan

Ang mga botanteng kalahok sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 3, 2026, ay maaaring bumoto nang personal sa Araw ng Halalan sa mga lokasyon ng presinto ng botohan, o sa pamamagitan ng maagang pagboto at mga pagkakataon ng pagboto nang wala sa presinto. Ang mga botanteng nagbabalak makatanggap ng balota sa koreo ay kailangang magsumite ng aplikasyon para sa balota ng pagboto nang wala sa presinto sa dibisyon bago ang Oktubre 24, 2026.

Paano Hanapin ang Iyong Presinto ng Botohan

Kung hindi ka sigurado kung saan ang iyong itinalagang lokasyon ng presinto ng botohan, mayroon kang mga sumusunod na opsyon:

- Hanapin ang iyong presinto ng botohan sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong impormasyon online sa:

  https://myvoterportal.alaska.gov/

- O maghanap ng lokasyon ng presinto ng botohan gamit ang iyong tirahan:

  https://www.elections.alaska.gov/poll-locator/

- O tingnan ang listahan ng lahat ng lokasyon ng presinto ng botohan sa:

  https://www.elections.alaska.gov/election-polls/

- O tumawag sa iyong Opisina ng Halalan sa Rehiyon:

  Rehiyon I – Juneau
  Mga Distrito ng Kapulungan 1 - 6
  Telepono (907) 465-3021 o Libreng Tawag 1-866-948-8683

  Rehiyon II – Anchorage
  Mga Distrito ng Kapulungan 9 - 24
  Telepono (907) 522-8683 o Libreng Tawag 1-866-958-8683

  Rehiyon III – Fairbanks
  Mga Distrito ng Kapulungan 31 - 36
  Telepono (907) 451-2835 o Libreng Tawag 1-866-959-8683


  Rehiyon IV – Nome
  Mga Distrito ng Kapulungan 37 - 40
  Telepono (907) 443-5285 o Libreng Tawag 1-866-953-8683

  Rehiyon V - Wasilla
  Mga Distrito ng Kapulungan 7 - 8, 25 - 30
  Telepono: (907) 373-8952 o Libreng Tawag (844) 428-8952

Maaari mo ring tingnan kung ikaw ay rehistrado at suriin ang iyong impormasyon sa rehistrasyon online sa https://myvoterportal.alaska.gov/

Proklamasyon ng Lupon noong Mayo 2023 sa Buong Estado

Plano ng Muling Pagdidistrito na Pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdidistrito ng Alaska 05/15/2023



Batay sa Heograpiya ng Senso 2020 at Datos ng 2020 PL94-171; link ng galeriya ng mapa: www.akredistrict.org/maps

STATE OF ALASKA
DIVISION OF ELECTIONS
HOUSE AND SENATE DISTRICT DESIGNATIONS

Based on the “Proclamation Plan of Redistricting" May 15, 2023

SENATE DISTRICT	HOUSE DISTRICT	HOUSE DISTRICT
A	**1** Ketchikan/Wrangell/Metlakatla	**2** Sitka/Petersburg/Yakutat
B	**3** Mendenhall Valley/Haines/ Skagway/Gustavus	**4** Downtown Juneau/Douglas/Juneau Airport
C	**5** Kodiak/Seward/Cordova	**6** Kachemak Bay/Ninilchik/Kasilof
D	**7** Kenai/Soldotna	**8** Northern Kenai Peninsula
E	**9** South Anchorage/Turnagain Arm/ Whittier	**10** Oceanview/Klatt
F	**11** Lower Hillside	**12** Far North Bicentennial Park
G	**13** Campbell	**14** Spenard
H	**15** Sand Lake/Campbell Lake	**16** Anchorage Airport
I	**17** Downtown Anchorage	**18** Government Hill/JBER/Northeast Anchorage
J	**19** Mountainview/Airport Heights	**20** U-Med
K	**21** South Muldoon	**22** North Muldoon
L	**23** Eagle River Valley	**24** North Eagle River/Chugiak
M	**25** Palmer/Butte	**26** Goose Bay/Gateway
N	**27** Wasilla/Meadow Lakes	**28** Tanaina/Lakes
O	**29** Eastern Mat-Su/Valdez	**30** Houston/Big Lake/Parks Highway
P	**31** Downtown Fairbanks	**32** East Fairbanks/Fort Wainwright
Q	**33** North Pole/Badger	**34** Steele Creek/Two Rivers/Eielson/Salcha
R	**35** College/Ester/Chena Ridge	**36** Copper River Basin/Delta/Tok/Yukon Drainage
S	**37** Bristol Bay/Aleutians/Kuspuk	**38** Lower Kuskokwim
T	**39** Bering Straits/Yukon Delta	**40** Arctic

H07 (REV 05/15/2023)

Mga Kandidato para sa Inihalal na Katungkulan

Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Martes, Nobyembre 3, 2026

Senado ng Estados Unidos

Gerald L. Heikes
Mary Peltola
Dan S. Sullivan
Daniel J. Sullivan Jr.

Kinatawan ng Estados Unidos

Nick Begich
Eric Hafner
Bill Hill
James C. McDermott “Jim”

Gobernador at Tenyente Gobernador

Dave Bronson/Josh Church
Jonathan S. Kreiss-Tomkins “JKT”/Zac Johnson
Treg Taylor/Candi English
Bernadette M. Wilson/Michael K. Shower

Senado ng Estado ng Alaska

SENATE DISTRICT C
Carrie L. Harris
Heath Smith
Louise B. Stutes

Kapulungan ng Estado ng Alaska

HOUSE DISTRICT 5
Sheldon R.J. Prout
Kathy C. Simpler

**Nagpapahiwatig na ang kandidato ay hindi nagsumite ng mga materyales para sa pampleto, hindi nakatupad sa mga kinakailangan upang maisama sa pampleto, o nabigong matugunan ang mga itinakdang huling araw ng pagsusumite ayon sa batas. (AS 15.58.030 at AS 15.58.060)*

Gobernador

Dave Bronson, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: P.O. Box 90938
Anchorage, AK 999509

EMAIL: info@davebronson.com

WEBSITE: davebronson.com

EDAD: 68

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Superior, Wisconsin

PANGALAN NG ASAWA: Debra

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Zachary & Katherine

TRABAHO: Komersiyal na Piloto - Retirado /
Dating Alkalde ng Anchorage

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 35

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Anchorage Alaska 35 na mga taon

EDUKASYON:
Batsilyer sa Ekonomiks na Pang-agrikultura,
Unibersidad ng Wisconsin sa Madison

SERBISYONG MILITAR:
1981 – 1990: Aktibong tungkulin bilang piloto ng Hukbong Himpapawid ng Estados Unidos. Nagpalipad siya ng mga estratehikong pambobombang eroplano kabilang ang B-52 at B-1B.
1992 – 1993: Pangkat ng Reserba ng Hukbong Himpapawid ng Estados Unidos – nagsilbi bilang opisyal sa pagpaplano.
1993 – 2005: Pambansang Guwardiyang Panghimpapawid ng Alaska – nagsilbi bilang opisyal sa pagpapanatili at piloto ng C-130.

MGA POSISYON SA PULITIKA AT GOBYERNO:
Alkalde ng Anchorage 2021-2024
Retiradong Tenyente Koronel ng U.S. Air Force

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Kapitan ng Eroplano
Tagapamahala ng Paliparan ng Ted Stevens International Airport

PAGIGING MIYEMBRO SA MGA ORGANISASYON NG SERBISYO:
Samahan ng mga Piloto ng Eroplano (ALPA)
Miyembro ng NRA

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Diyos, Pamilya, Pangangaso at Pangingisda, Serbisyo Publiko

PAHAYAG:
Sa kasalukuyan, napakaraming taga-Alaska ang nakakaramdam na pinabayaan sila ng kanilang pamahalaan.

Ang mga pamilya ay nahihirapan dahil sa patuloy na pagtaas ng gastusin. Napakataas ng krimen sa ating mga komunidad. Nabibigo ang mga paaralan na ihanda ang ating mga anak. Nakikipaglaban ang mga negosyo sa labis na burukrasya at mataas na presyo ng enerhiya habang ang mga kabataang taga-Alaska ay umaalis sa estado upang maghanap ng pagkakataon sa ibang lugar. Taun-taong lumalaki ang pamahalaan habang mas kaunti ang naihahatid nitong serbisyo.

Bilang Gobernador, babaguhin ko ang direksiyon at ibabalik ang Alaska sa mas matatag na posisyon.

Masigasig kong isusulong ang pagpapaunlad ng mga likas na yaman, pagpapalawak ng pagkakataong magkaroon ng lupa at pabahay, pagpapababa ng gastos sa enerhiya, pagtatayo ng imprastraktura, at paglikha ng ekonomiya kung saan muling uunlad ang mga manggagawa, manggagawa sa mga hanapbuhay na teknikal, minero, mangingisda, maliliit na negosyo, at mga pamilya.

Babawasan ko ang burukrasya, ibabalik ang pananagutan, susuportahan ang pagpapatupad ng batas, ipagtatanggol ang mga karapatang itinatadhana ng Konstitusyon, palalakasin ang integridad ng halalan, at muling bubuuin ang tiwala sa pamahalaan. Kailangan ng Alaska ng pamumunong gumagawa ng mga desisyon, lumulutas ng mga problema, at naghahatid ng resulta sa halip na mga dahilan.

Bilang retiradong Tenyente Koronel ng Hukbong Himpapawid, komersiyal na piloto, at dating Alkalde ng Anchorage, ginugol ko ang aking buhay sa pamumuno sa mga kapaligirang may matinding presyon kung saan ang pagkabigo ay may tunay na kahihinatnan. Nauunawaan ko ang pananagutan, pagtutok sa tungkulin, at pagtatapos ng gawain.

Ang pinakamagagandang araw ng Alaska ay nasa ating hinaharap, ngunit hindi ito mangyayari nang kusa. Itatayo natin ang mga ito. Muli nating palalaguin ang estadong ito, ibabalik ang mga pagkakataon, at lilikha ng mas matatag na kinabukasan para sa susunod na henerasyon.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.
Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Tenyente Gobernador

Josh Church, **Rehistradong Republikano**



ADRES SA KOREO: P.O. Box 10155
Fairbanks, AK 99710

EMAIL: joshforalaska@gmail.com

WEBSITE: bronsonchurch.com

EDAD: 39

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Wasilla

PANGALAN NG ASAWA: Ruth

TRABAHO: Tagapamahala ng Kayamanan

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 26 na taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Fairbanks

EDUKASYON:
IDEA, UA, Amerikanong Kolehiyo ng mga Serbisyong Pinansyal

SERBISYONG MILITAR:
Beterano ng mga Espesyal na Operasyon ng Marine Corps na may mga pagpapadala sa tungkulin sa labanan sa Iraq, Afghanistan, at mga tungkulin sa tatlo pang kontinente.

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN:
Kasalukuyang Miyembro ng Komite sa Pananalapi ng Lungsod ng Fairbanks; Dating Komisyoner ng Pagkontrol sa mga Hayop ng FNSB, Dating Komisyoner sa Pagpapayo sa Pamumuhunan ng Fairbanks Borough, Dating Miyembro ng Komite sa Pagpapayo sa mga Miyembro ng Golden Valley Electrical Association, Dating Miyembro ng Pangkat ng Serbisyong Sibilyan ng Alaska.

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Kinatawan ng Tagapayo sa Pamumuhunan; Mamumuhunan sa Ari-arian; Dating May-ari ng Kompanya sa Konstruksyon

PAGIGING MIYEMBRO SA MGA ORGANISASYON NG SERBISYO: Panghabambuhay na Miyembro ng NRA; Miyembro ng Mga May-ari ng Baril sa Amerika

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Pangangaso, paglalakad sa kabundukan, pangingisda, libangan sa labas, pagpapaunlad ng lupa, edukasyon sa pananalapi.

IBA PA:
Si Josh ay ikatlong henerasyong Alaskan, beterano ng mga Espesyal na Operasyon ng USMC, negosyante, at mamumuhunan. Ipinanganak sa Wasilla at lumaki sa Fairbanks, nagpatakbo siya ng mga proyekto sa konstruksyon sa buong Alaska, namuhunan sa ari-arian, at tumulong sa mga taga-Alaska na magplano sa pananalapi. Si Josh ay naglilingkod sa Komite sa Pananalapi ng Lungsod ng Fairbanks. Ang kanyang asawa ay kapitan ng mga bumbero at paramediko.

PAHAYAG:
***Sek. 39.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.100 na nagsasaad:

Sek. 15.25.100. Pagkakaayos ng kandidato sa balota ng pangkalahatang halalan. Dapat ilagay ng direktor sa balota ng pangkalahatang halalan ang pangalan ng kandidato na nakatanggap ng pinakamataas na bilang ng boto para sa isang posisyon mula sa isang partido politikal.

***Sek. 40.** Inamyendahan ang AS 15.25.105(a) na nagsasaad:

(a) Kung ang kandidato ay hindi lumabas sa balota sa primaryang halalan o hindi nagtagumpay na makapasok sa pangkalahatang halalan at nagnanais maging kandidato sa pangkalahatang halalan, maaaring maghain ang kandidato bilang kandidatong isinusulat sa balota. Ang boto para sa kandidatong isinusulat sa balota ay hindi maaaring bilangin maliban kung ang kandidato ay nakapaghain ng liham ng intensyon sa direktor na naglalahad ng

(1) buong pangalan ng kandidato;

(2) buong tirahan ng kandidato at petsa kung kailan nagsimula ang paninirahan sa nasabing address;

(3) buong address para sa koreo ng kandidato;

(4) pangalan ng partido politikal o grupo kung saan miyembro ang kandidato, kung mayroon;

(5) kung ang kandidato ay para sa posisyon ng senador ng estado o kinatawan ng estado, distrito ng kapulungan o senado kung saan naninirahan ang kandidato;

(6) posisyong ninanais ng kandidato;

(7) petsa ng halalan kung kailan nagnanais ang kandidato na mahalal;

(8) haba ng paninirahan sa estado at sa distrito ng kapulungan kung saan nakatira ang kandidato;

(9) pangalan ng kandidato ayon sa nais niyang isulat ito sa balota ng botante;

(10) katunayan na nakakatugon ang kandidato sa partikular na kahilingan sa pagiging mamamayan para sa posisyon kung saan siya kandidato;

(11) na matutugunan ng kandidato ang tiyak na kinakailangang edad para sa posisyon kung saan siya kandidato; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng kinatawan ng estado, dapat ay hindi bababa sa 21 taong gulang ang kandidato sa unang itinakdang araw ng unang regular na sesyon ng lehislatura na gaganapin pagkatapos ng halalan; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng senador ng estado, dapat ay hindi bababa sa 25 taong gulang sa unang itinakdang araw ng unang regular na sesyon ng lehislatura na gaganapin pagkatapos ng halalan; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng gobernador o tenyente-gobernador, dapat ay hindi bababa sa 30 taong gulang sa unang Lunes ng Disyembre kasunod ng halalan o, kung ang posisyon ay pupunan sa pamamagitan ng espesyal na halalan alinsunod sa AS 15.40.230 – 15.40.310, dapat ay hindi bababa sa 30 taong gulang sa petsa ng sertipikasyon ng resulta ng espesyal na halalan; o, para sa anumang ibang posisyon, sa oras na ang kandidato, kung mahahalal, ay manunumpa sa tungkulin;

(12) katunayan na kwalipikado ang kandidato bilang botante alinsunod sa batas; at

(13) ang kandidato ay hindi kandidato para sa anumang ibang posisyon na iboboto sa pangkalahatang halalan at na hindi rin siya kandidato para sa posisyong ito sa ilalim ng anumang ibang petisyon para sa nominasyon o deklarasyon ng pagkakandidato

.

***Sek. 41**. Inamyendahan ang AS 15.25.105(b) na nagsasaad:

(b) Kung ang isang kandidatong isinusulat sa balota ay tumatakbo para sa posisyon ng gobernador, dapat magsumite ang kandidato ng pinagsamang liham ng intensyon kasama

ang isang kandidato para sa tenyente-gobernador. Ang parehong kandidato ay dapat mula sa parehong partido politikal o grupo.

***Sek. 42**. Muling pinagtibay ang AS 15.25.110 na nagsasaad:

Sek. 15.25.110. Pagpupuno ng bakanteng posisyon sa pamamagitan ng petisyon ng partido. Kung ang isang kandidato mula sa isang partido politikal na inihalal sa primaryang halalan ay namatay, umatras, nagbitiw, nadiskwalipika na hawakan ang posisyon na kanyang kinikandidato, o na sertipikadong hindi kayang magsilbi sa paraan na itinakda sa seksyong ito pagkatapos ng primaryang halalan at 64 na araw o higit pa bago ang pangkalahatang halalan, ang bakanteng posisyon ay maaaring punan sa pamamagitan ng petisyon ng partido. Maaaring magsertipika ang sentral na komite ng anumang partido politikal o ang komite ng distrito ng partido na hindi kayang magsilbi ang sinumang kandidato na inihalal ng kanilang partido sa pamamagitan ng pagsusumite sa direktor ng isang affidavit mula sa isang panel ng tatlong lisensyadong doktor, na hindi hihigit sa dalawa ay mula sa parehong partido politikal, na ang kandidato ay pisikal o mental na walang kakayahan sa paraang, sa husga ng panel, ay pipigilan siya sa aktibong paglilingkod sa panunungkulan kung siya ay mahalal. Dapat ilagay ng direktor ang pangalan ng taong inihalal sa pamamagitan ng petisyon ng partido sa balota ng pangkalahatang halalan. Ang pangalan ng kandidatong nadiskwalipika sa ilalim ng seksyong ito ay hindi maaaring lumabas sa balota ng pangkalahatang halalan.

***Sek. 43**. Muling pinagtibay ang AS 15.25.120 na nagsasaad:

Sek. 15.25.120. Mga kinakailangan para sa petisyon ng partido. Dapat malinaw na nakasaad sa petisyon ng partido para sa nominasyon ng kandidato na nais at layunin ng partido na suportahan ang tinukoy na kandidato para sa tinukoy na posisyon at humihiling na mailagay ang pangalan ng iminungkahing kandidato sa balota para sa pangkalahatang halalan. Maaaring isumite ang petisyon hindi lalampas sa 64 na araw bago ang petsa ng pangkalahatang halalan.

***Sek. 44.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.130 na nagsasaad:

Sek. 15.25.130. Pagpili ng mga nominado para sa petisyon ng partido. Maaaring piliin ang mga nominado ng mga partido politikal sa pamamagitan ng petisyon ng partido para sa mga posisyong sakop ang buong estado ng sentral na komite ng partido sa estado o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido, at ang petisyon para sa mga posisyong sakop ang buong estado ay dapat lagdaan ng tagapangulo ng estado ng partido politikal, o kung wala ang tagapangulo ng estado, ng anumang dalawang miyembro ng sentral na komite ng partido sa estado. Maaaring piliin ang mga nominado ng mga partido politikal sa pamamagitan ng petisyon ng partido para sa mga posisyong sakop ang buong distrito ng kani-kanilang komite ng partido sa distrito o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido, at ang petisyon para sa mga posisyong sakop ang buong distrito ay dapat lagdaan ng tagapangulo ng komite ng partido sa distrito, o kung wala ang tagapangulo, ng

anumang dalawang miyembro ng komite ng partido sa distrito, o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido. Maaaring ihatid ang petisyon nang personal, o sa pamamagitan ng koreo, fax, o iba pang maaasahang elektronikong pamamaraan.

***Sek. 45.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.140 na nagsasaad:

Sek. 15.25.140. Probisyon para sa nominasyon ng kandidato na walang partidong kinakatawan. Pinipili ang mga kandidato na hindi kumakatawan sa isang partido politikal sa pamamagitan ng petisyon.

***Sek. 46**. Muling pinagtibay ang AS 15.25.150 na nagsasaad:

Sek. 15.25.150. Petsa ng pagsusumite ng petisyon. Dapat isumite ng kandidato na nagnanais ng nominasyon sa pamamagitan ng petisyon ang impormasyong kinakailangan sa ilalim ng AS 15.25.180(a)(1) – (8) at (11) – (17) sa direktor sa oras at paraan na itinakda sa AS 15.25.040. Dapat isumite sa direktor ang buong petisyon na may mga lagda ng botante sa pamamagitan ng personal na paghahatid nang personal bago o sa ganap na 5:00 p.m., oras sa nasasakupang lugar, sa araw ng primaryang halalan sa taong gaganapin ang pangkalahatang halalan para sa posisyon, o sa pamamagitan ng personal na paghahatid sa direktor sa pamamagitan ng nakarehistro o sertipikadong koreo na may hinihiling na resibo ng pagbabalik, na may postmark bago o sa ganap na 5:00 p.m., oras sa nasasakupang lugar, sa araw ng primaryang halalan sa taong gaganapin ang pangkalahatang halalan para sa posisyon, at matatanggap hindi hihigit sa 15 araw pagkatapos ng oras na iyon. Kung hindi mabasa ang postmark, ang may petsang resibo mula sa post office kung saan ipinadala ay tatanggapin bilang patunay ng pagpapadala.

***Sek. 47.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.160 na nagsasaad:

Sek. 15.25.160. Kinakailangang bilang ng lagda para sa posisyong sakop ang buong estado. Dapat lagdaan ng mga kwalipikadong botante ng estado ang petisyon para sa nominasyon ng kandidato sa posisyon ng gobernador, tenyente-gobernador, senador ng Estados Unidos, at kinatawan ng Estados Unidos na katumbas ng hindi bababa sa isang porsyento ng bilang ng mga botanteng bumoto sa nakaraang pangkalahatang halalan.

***Sek. 48.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.170 na nagsasaad:

Sek. 15.25.170. Kinakailangang bilang ng mga lagda para sa mga posisyong sakop ang buong distrito. Dapat lagdaan ng mga kwalipikadong botante ng distrito ng kapulungan o senado ang petisyon para sa nominasyon ng kandidato sa posisyon ng senador ng estado o kinatawan ng estado kung saan nagnanais maging kandidato ang iminungkahing nominado, na katumbas ng hindi bababa sa isang porsyento ng mga botante sa distrito sa nakaraang pangkalahatang halalan. Hindi maaaring magkaroon ng mas kaunti sa 50 lagda ang isang petisyon para sa nominasyon sa anumang distrito.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 49.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.180 na nagsasaad:

Sek. 15.25.180. Mga kinakailangan para sa petisyon.

(a) Dapat ipahayag ng petisyon sa kabuuan ang mga sumusunod

(1) buong pangalan ng kandidato;

(2) buong tirahan ng kandidato at petsa kung kailan nagsimula ang paninirahan sa nasabing address;

(3) buong address para sa koreo ng kandidato;

(4) pangalan ng grupong politikal, kung mayroon man, na sumusuporta sa kandidato;

(5) kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng senador ng estado o kinatawan ng estado, distrito ng kapulungan o senado kung saan naninirahan ang kandidato;

(6) posisyon kung saan nominado ang kandidato;

(7) petsa ng halalan kung kailan nagnanais ang kandidato na mahalal;

(8) haba ng paninirahan sa estado at sa distrito ng kandidato;

(9) na ang mga subscriber ay kwalipikadong botante ng estado o distrito ng kapulungan o senado kung saan naninirahan ang kandidato;

(10) na humihiling ang mga subscriber na ilagay ang pangalan ng kandidato sa balota para sa pangkalahatang halalan;

(11) na tinatanggap ng iminungkahing kandidato ang nominasyon at magseserbisyo kung siya ay mahahalal, na may pahayag na may lagda ng iminungkahing kandidato;

(12) pangalan ng kandidato ayon sa nais ng kandidato na lumabas sa balota;

(13) ang kandidato ay hindi kandidato para sa anumang ibang posisyon na iboboto sa primarya o pangkalahatang halalan at na hindi rin siya kandidato para sa posisyong ito sa ilalim ng anumang ibang petisyon para sa nominasyon o deklarasyon ng kandidatura;

(14) katunayan na nakakatugon ang kandidato sa partikular na kahilingan sa pagiging mamamayan para sa posisyon kung saan siya kandidato;

(15) na matutugunan ng kandidato ang tiyak na kinakailangang edad para sa posisyon kung saan siya kandidato; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng kinatawan ng estado, dapat ay hindi bababa sa 21 taong gulang ang kandidato sa unang itinakdang araw ng unang regular na sesyon ng lehislatura na gaganapin pagkatapos ng halalan; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng senador ng estado, dapat ay hindi bababa sa 25 taong gulang sa unang itinakdang araw ng unang regular na sesyon ng lehislatura na gaganapin pagkatapos ng halalan; kung ang kandidatura ay para sa posisyon ng gobernador o tenyente-gobernador, dapat ay hindi bababa sa 30 taong gulang sa unang Lunes ng Disyembre kasunod ng halalan o, kung ang posisyon ay pupunan sa pamamagitan ng espesyal na halalan alinsunod sa AS 15.40.230 – 15.40.310, dapat ay hindi bababa sa 30 taong gulang sa petsa ng sertipikasyon ng resulta ng espesyal na halalan; o, para sa anumang ibang posisyon, sa oras na ang kandidato, kung mahahalal, ay manunumpa sa tungkulin;

(16) na kwalipikadong botante ang kandidato; at

(17) kung para sa gobernador ang kandidatura, pangalan ng kandidato para sa tenyente-gobernador na kasabay tumatakbo kasama ang kandidato para sa gobernador.

(b) Sinumang nagsusumite ng petisyon para sa nominasyon sa ilalim ng seksyong ito, maliban sa saklaw ng AS 24.60 na nagsusumite para sa posisyon sa lehislatura ng estado, ay sabay na magsusumite sa direktor ng pahayag ng pinagkukunan ng kita at interes sa negosyo alinsunod sa AS 39.50. Sinumang saklaw ng AS 24.60 at nagsusumite ng petisyon para sa posisyon sa lehislatura ng estado ay sabay na magsusumite sa direktor ng pahayag ng pagbubunyag na sumusunod sa mga kinakailangan ng AS 24.60.200.

(c) Kasalukuyang opisyal, maliban sa mambabatas, na may kasalukuyang pahayag ng pinagkukunan ng kita at interes sa negosyo alinsunod sa AS 39.50 na nakatala sa Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska, o kasalukuyang mambabatas na may kasalukuyang pahayag ng paghahayag alinsunod sa AS 24.60.200 na nakatala sa Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska, ay hindi kinakailangang magsumite ng pahayag ng pinagkukunan ng kita at interes sa negosyo o pahayag ng pagbubunyag kasama ng petisyon para sa nominasyon sa ilalim ng (b) ng seksyong ito.

***Sek. 50.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.185 na nagsasaad:

Sek. 15.25.185. Kwalipikasyon ng kandidato. Nalalapat ang mga probisyon ng AS 15.25.042 at 15.25.043 sa pagtukoy ng kwalipikasyon ng kandidato kapag ang isang kandidato ay naghahangad ng nominasyon sa pamamagitan ng petisyon sa ilalim ng AS 15.25.140–15.25.200.

***Sek. 51.** Muling pinagtibay ang AS 15.25.190 na nagsasaad:

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Sek. 15.25.190. Pagkakaayos ng pangalan sa balota ng pangkalahatang halalan. Dapat ilagay ng direktor ang mga pangalan at ang partidong kinabibilangan ng mga taong wastong nanomina sa pamamagitan ng petisyon sa balota para sa pangkalahatang halalan.

***Sek. 52**. Muling pinagtibay ang AS 15.25.200 na nagsasaad:

Sek. 15.25.200. Pag-uurong ng pangalan ng kandidato. Kung ang kandidato na nanomina sa pamamagitan ng petisyon ay pumanaw o umatras matapos maisampa ang petisyon at 64 na araw o higit pa bago ang pangkalahatang halalan, hindi maaaring ilagay ng direktor ang pangalan ng kandidato sa balota para sa pangkalahatang halalan.

***Sek. 53.** Inamyendahan ang AS 15.30.010 na nagsasaad:

Sek. 15.30.010. Probisyon para sa pagpili ng mga tagahalal. Pinipili sa pamamagitan ng halalan ang mga tagahalal ng Presidente at Bise-Presidente ng Estados Unidos sa pangkalahatang halalan tuwing taon ng halalan sa pagkapangulo.

***Sek. 54.** Inamyendahan ang AS 15.40.140 na nagsasaad:

Sek. 15.40.140. Kondisyon sa pagpapatawag ng espesyal na primaryang halalan at espesyal na halalan. Kapag nagkaroon ng bakanteng posisyon sa tanggapan ng senador o kinatawan ng Estados Unidos, maglalabas ng proklamasyon ang gobernador upang magpatawag ng espesyal na halalan alinsunod sa AS 15.40.142(a). Gayunpaman, kung naganap ang pagkabakante sa petsang mas mababa sa 60 araw bago o sa mismong araw o pagkatapos ng primaryang halalan sa taon ng pangkalahatang halalan kung kailan regular na inihahalal ang kandidato para sa naturang posisyon, hindi maaaring magpatawag ng espesyal na halalan ang gobernador.

***Sek. 55.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.141 na nagsasaad:

Sek. 15.40.141. Kondisyon sa pagpapatawag ng espesyal na muling halalan.

(a) Kapag walang kandidato sa isang espesyal na halalan na itinawag sa ilalim ng AS 15.40.140 na nakakuha ng mahigit 50 porsyento ng mga boto para sa posisyon, maglalabas ng proklamasyon ang gobernador upang magpatawag ng espesyal na muling halalan alinsunod sa AS 15.40.142(b).

(b) Sa isang espesyal na muling halalan na ipinatawag sa ilalim ng talatang (a) ng seksyong ito, ilalagay ng direktor sa balota para sa espesyal na muling halalan ang mga pangalan ng kandidatong nakakuha ng pinakamaraming boto at ng kandidatong nakakuha ng pangalawang pinakamaraming boto sa espesyal na halalan.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 56.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.142 na nagsasaad:

Sek. 15.40.142. Panahon ng pagpapatawag ng espesyal na halalan at ng espesyal na muling halalan.

(a) Maliban kung may itinatadhana ang talatang (c) ng seksyong ito, kung nagpatawag ng isang espesyal na halalan sa ilalim ng AS 15.40.140, isasagawa ito sa petsang hindi bababa sa 60 araw, at hindi hihigit sa 90 araw mula nang maganap ang pagkabakante.

(b) Maliban kung may itinatadhana ang talatang (c) ng seksyong ito, ang isang espesyal na muling halalan sa ilalim ng AS 15.40.141 ay isasagawa sa unang Martes na hindi itinuring na pista-opisyal ng estado, at hindi bababa sa 60 araw matapos ang espesyal na halalan.

(c) Sa isang taon ng halalan kung saan walang regular na inihahalal na kandidato para sa bakanteng posisyon, at ang pagkabakante ay naganap sa petsang hindi bababa sa 60 araw at hindi hihigit sa 90 araw bago ang petsa ng

(1) primaryang halalan, ang espesyal na halalan ay isasagawa sa petsa ng primaryang halalan, at ang anumang kasunod na espesyal na muling halalan sa ilalim ng AS 15.40.141 ay isasagawa sa petsa ng pangkalahatang halalan; o

(2) pangkalahatang halalan, ang espesyal na halalan ay isasagawa sa petsa ng pangkalahatang halalan, at ang anumang kasunod na espesyal na muling halalan sa ilalim ng AS 15.40.141 ay isasagawa sa unang Martes na hindi itinuring na pista-opisyal ng estado, at hindi bababa sa 60 araw matapos ang parehong espesyal at pangkalahatang halalan.

***Sek. 57.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.150 na nagsasaad:

Sek. 15.40.150. Kondisyon sa pagsasagawa ng espesyal na halalan kasabay ng primaryang halalan. Kung maganap ang pagkabakante sa petsang hindi bababa sa 60 araw at hindi hihigit sa 90 araw bago ang petsa ng primaryang halalan, maglalabas ng proklamasyon ang gobernador upang magpatawag ng espesyal na halalan na isasagawa sa mismong petsa ng primaryang halalan.

***Sek. 58.** Inamyendahan ang AS 15.40.160 na nagsasaad:

Sek. 15.40.160. Proklamasyon. Maglalabas ang gobernador ng proklamasyon para sa pagpapatawag ng espesyal na primaryang halalan at espesyal na halalan nang hindi bababa sa 50 araw bago ang (1) espesyal na primaryang halalan; at (2) kung kinakailangan ng isang espesyal na muling halalan alinsunod sa AS 15.40.141(a), ang espesyal na muling halalan.

***Sek. 59**. Inamyendahan ang AS 15.40.165 na nagsasaad:

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Sek. 15.40.165. Panunungkulan ng inihalal na senador. Sa espesyal na halalan, o gaya ng itinatadhana ng AS 15.40.141, sa espesyal na muling halalan, ihahalal ang isang senador ng Estados Unidos upang punan ang nalalabing bahagi ng hindi natapos na termino. Ang inihalal ay uupo sa posisyon sa petsa ng pagpupulong, pagdaraos, o muling pagpupulong ng Senado ng Estados Unidos kasunod ng sertipikasyon ng mga resulta ng espesyal na halalan o espesyal na muling halalan ng direktor.

***Sek. 60.** Inamyendahan ang AS 15.40.170 na nagsasaad:

Sek. 15.40.170. Panunungkulan ng inihalal na kinatawan. Sa espesyal na halalan, o gaya ng itinatadhana ng AS 15.40.141, sa espesyal na muling halalan, ihahalal ang isang kinatawan ng Estados Unidos upang punan ang nalalabing bahagi ng hindi natapos na termino. Ang inihalal ay uupo sa posisyon sa petsa ng pagpupulong, pagdaraos, o muling pagpupulong ng kapulungan ng Estados Unidos kasunod ng sertipikasyon ng mga resulta ng espesyal na halalan o espesyal na muling halalan ng direktor.

***Sek. 61**. Inamyendahan ang AS 15.40.190 na nagsasaad:

Sek. 15.40.190. Mga kinakailangan sa petisyon para sa mga kandidatong walang partido. Dapat lagdaan ng mga kwalipikadong botante ng estado ang mga petisyon para sa nominasyon ng mga kandidato na hindi kumakatawan sa isang partido politikal na katumbas ng hindi bababa sa isang porsyento ng bilang ng mga botanteng bumoto sa nakaraang pangkalahatang halalan at dapat ipahayag sa kabuuan ang mga kinakailangang impormasyon para sa petisyon ng nominasyon ayon sa AS 15.25.180.

***Sek. 62.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.200 na nagsasaad:

Sek. 15.40.200. Mga kinakailangan sa petisyon ng partido. Ang mga petisyon para sa nominasyon ng mga kandidato ng mga partido politikal ay dapat ipahayag sa kabuuan na ang partido ay nagnanais at may intensyong suportahan ang nabanggit na kandidato para sa posisyon ng senador ng Estados Unidos o kinatawan ng Estados Unidos, ayon sa nararapat, sa espesyal na halalan at humihiling na ilagay ang pangalan ng nominado sa balota.

***Sek. 63.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.210 na nagsasaad:

Sek. 15.40.210. Pagpili ng mga nominado ng partido. Maaaring piliin ng kombensyon ng estado o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido ang mga nominado ng mga partido politikal, at ang petisyon ay dapat lagdaan ng tagapangulo at kalihim ng kombensyon ng estado, o kung ang mga nominado ay pinili ng sentral na komite ng partido, ang petisyon ay dapat lagdaan ng tagapangulo ng sentral na komite o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 64.** Inamyendahan ang AS 15.40.220 na nagsasaad:

Sek. 15.40.220. Pangkalahatang probisyon para sa pagsasagawa ng espesyal na primaryang halalan at espesyal na muling halalan. Maliban kung may partikular na itinakdang naiiba, lahat ng probisyon hinggil sa pagsasagawa ng pangkalahatang halalan ang siyang mangingibabaw sa pagsasagawa ng espesyal na halalan at espesyal na muling halalan para sa senador ng Estados Unidos o kinatawan ng Estados Unidos. Kasama rito ang mga probisyon tungkol sa kwalipikasyon ng botante; mga probisyon hinggil sa tungkulin, kapangyarihan, karapatan, at obligasyon ng direktor, iba pang opisyal ng halalan, at ng mga munisipalidad; probisyon para sa abiso ng halalan; probisyon para sa pagbabayad ng gastusin sa halalan; mga probisyon ukol sa pagbibigay ng oras sa mga empleyado mula sa trabaho upang bumoto; mga probisyon para sa pagbibilang, pagsusuri, at sertipikasyon ng mga resulta; probisyon para sa pagtakbo bilang, pagboto para sa, at pagbibilang ng mga balota ng isang kandidatong isinusulat sa balota; mga probisyon para sa pagtukoy ng mga boto at ng muling pagbibilang, pagtutol, at pag-apela; at probisyon para sa pagboto nang nakaliban (pagboto ng botante na hindi makakapunta sa presinto sa araw ng halalan).

***Sek. 65.** Inamyendahan ang AS 15.40.230 na nagsasaad:

Sek. 15.40.230. Kondisyon at panahon sa pagpapatawag ng espesyal na primaryang halalan at espesyal na halalan. Kapag ang isang taong hinirang upang pumalit sa posisyon ng tenyente-gobernador ay umupo bilang pansamantalang gobernador, obligado ang pansamantalang gobernador na, sa pamamagitan ng proklamasyon, magpatawag ng espesyal na halalan na gaganapin sa petsang hindi bababa sa 60 araw at hindi hihigit sa 90 araw matapos maganap ang pagkabakante ng posisyon ng gobernador. Gayunpaman, kung naganap ang pagkabakante sa petsang mas mababa sa 60 araw bago o sa mismong araw o pagkatapos ng primaryang halalan sa mga taon kung kailan regular na inihahalal ang gobernador, magsisilbi ang pansamantalang gobernador sa natitirang bahagi ng hindi natapos na termino at hindi maaaring magpatawag ng espesyal na halalan.

***Sek. 66.** Inamyendahan ang AS 15.40.240 na nagsasaad:

Sek. 15.40.240. Mga kondisyon sa pagsasagawa ng espesyal na halalan kasabay ng primarya o pangkalahatang halalan. Kung maganap ang pagkabakante sa loob ng hindi bababa sa 60 araw at hindi hihigit sa 90 araw bago ang araw ng primaryang halalan sa mga taong regular na may halalan para sa gobernador, o kung ang pagkabakante ay maganap sa loob ng hindi bababa sa 60 araw at hindi hihigit sa 90 araw bago ang primaryang halalan o pangkalahatang halalan sa mga taong walang regular na halalan para sa gobernador, obligado ang pansamantalang gobernador na, sa pamamagitan ng proklamasyon, magpatawag ng espesyal na halalan na gaganapin kasabay ng primarya o pangkalahatang halalan.

***Sek. 67.** Inamyendahan ang AS 15.40.250 na nagsasaad:

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Sek. 15.40.250. Proklamasyon ng espesyal na halalan. Dapat maglabas ang pansamantalang gobernador ng proklamasyon nang hindi bababa sa 50 araw bago ang halalan.

***Sek. 68.** Inamyendahan ang AS 15.40.280 na nagsasaad:

Sek. 15.40.280. Mga kinakailangan sa petisyon para sa mga kandidatong walang partido. Dapat lagdaan ng mga kwalipikadong botante ng estado ang mga petisyon para sa nominasyon ng mga kandidato na hindi kumakatawan sa isang partido politikal na katumbas ng hindi bababa sa isang porsyento ng bilang ng mga botanteng bumoto sa nakaraang pangkalahatang halalan, dapat isama ang mga nominado para sa posisyon ng gobernador at tenyente-gobernador, at dapat ipahayag sa kabuuan ang mga kinakailangang impormasyon para sa petisyon ng nominasyon ayon sa AS 15.25.180.

***Sek. 69**. Muling pinagtibay ang AS 15.40.290 na nagsasaad:

Sek. 15.40.290. Mga kinakailangan sa petisyon ng partido. Ang mga petisyon para sa nominasyon ng mga kandidato ng mga partido politikal ay dapat ipahayag sa kabuuan na ang partido ay nagnanais at may intensyong suportahan ang nabanggit na mga kandidato para sa mga posisyon ng gobernador at tenyente-gobernador sa espesyal na halalan at humihiling na mailagay sa balota ang mga pangalan ng dalawang kandidatong hinirang.

***Sek. 70.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.300 na nagsasaad:

Sek. 15.40.300. Pagpili ng mga nominado ng partido. Maaaring piliin ng kombensyon ng estado o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido ang mga nominado ng mga partido politikal, at ang petisyon ay dapat lagdaan ng tagapangulo at kalihim ng kombensyon ng estado, o kung ang mga nominado ay pinili ng sentral na komite ng partido, ang petisyon ay dapat lagdaan ng tagapangulo ng estado ng partido politikal o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido.

***Sek. 71.** Inamyendahan ang AS 15.40.310 na nagsasaad:

Sek. 15.40.310. Mga pangkalahatang probisyon para sa pagsasagawa ng espesyal na halalan. Maliban kung may partikular na itinakdang naiiba, lahat ng probisyon hinggil sa pagsasagawa ng pangkalahatang halalan ang siyang mangingibabaw sa pagsasagawa ng espesyal na halalan para sa gobernador at tenyente-gobernador. Kasama rito ang mga probisyon tungkol sa kwalipikasyon ng botante; mga probisyon hinggil sa tungkulin, kapangyarihan, karapatan, at obligasyon ng direktor, iba pang opisyal ng halalan, at ng mga munisipalidad; probisyon para sa abiso ng halalan; probisyon para sa pagbabayad ng gastusin sa halalan; mga probisyon ukol sa pagbibigay ng oras sa mga empleyado mula sa trabaho upang bumoto; mga probisyon para sa pagbibilang, pagsusuri, at sertipikasyon ng mga resulta; mga probisyon para sa pagtukoy ng mga boto at ng muling pagbibilang, pagtutol, at pag-apela; at probisyon para sa balota ng hindi makakarating.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 72.** Inamyendahan ang AS 15.40.330 na nagsasaad:

Sek. 15.40.330. Kwalipikasyon at kumpirmasyon ng itinalaga.

(a) Dapat tumupad ang itinalaga sa mga kwalipikasyon ng isang miyembro ng lehislatura ayon sa art. II, sek. 2, Konstitusyon ng Estado ng Alaska, dapat maging miyembro ng parehong partido politikal na nagnomina sa naunang nanungkulan, at sasailalim sa kumpirmasyon ng mayorya ng mga miyembro ng lehislatura na kabilang sa parehong partido politikal na nagnomina sa naunang nanungkulan at mula rin sa parehong kapulungan ng naunang nanungkulan. Kung ang naunang nanungkulan ay hindi ininomina ng partido politikal o kung walang ibang miyembro ng partido politikal ng naunang nanungkulan na kabilang sa kapulungan ng lehislatura kung saan siya nanungkulan, maaaring magtalaga ang gobernador ng sinumang kwalipikadong indibidwal. Kung hindi miyembro ng partido politikal ang itinalaga, hindi saklaw ng kumpirmasyon ang pagtatalaga. Kung miyembro ng partido politikal ang itinalaga, sasailalim sa kumpirmasyon ang pagtatalaga alinsunod sa itinakda ng seksyong ito para sa kumpirmasyon ng mga itinalaga mula sa partido politikal.

(b) Kasapi ng isang partido politikal ang taong sumusuporta sa programa nito. Ang paghahain ng kandidatura bilang isang kandidatong independiyente o walang partido ay hindi nangangahulugang hindi maaaring maging miyembro ang kandidato ng isang partido politikal. Kung kikilalanin ang isang kandidatong independiyente o walang partido bilang miyembro ng caucus ng isang partido sa lehislatura matapos siyang mahalal, iyon ay itinuturing na pagkilala na siya ay miyembro ng naturang partido noong panahon pa ng paghahain ng kandidatura ng mga kandidato ng partido para sa nakaraang halalan.

***Sek. 73.** Inamyendahan ang AS 15.40.380 na nagsasaad:

Sek. 15.40.380. Mga kondisyon para sa pansamantalang paghirang sa senado at espesyal na halalan. Kung ang bakanteng posisyon ay para sa hindi pa tapos na termino ng senado na higit sa dalawang taon at limang buong buwan sa kalendaryo, magpapatawag ang gobernador ng isang espesyal na halalan sa pamamagitan ng isang proklamasyon. Magtatapos ang pansamantalang pagtatalaga sa petsa ng unang pagtitipon o muling pagtitipon ng senado ng estado matapos sertipikahin ng direktor ang resulta ng espesyal na halalan.

***Sek. 74**. Inamyendahan ang AS 15.40.390 na nagsasaad:

Sek. 15.40.390. Petsa ng espesyal na halalan. Gaganapin ang espesyal na halalan para punan ang bakanteng posisyon sa senado ng estado sa petsa ng unang pangkalahatang halalan na magaganap lampas sa buong tatlong buwang sa kalendaryo matapos magkaroon ng bakanteng posisyon sa senado.

***Sek. 75.** Inamyendahan ang AS 15.40.400 na nagsasaad

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

Sek. 15.40.400. Proklamasyon ng espesyal na halalan. Dapat maglabas ang gobernador ng proklamasyon na nagpapatawag ng espesyal na halalan nang hindi bababa sa 50 araw bago ang halalan.

***Sek. 76**. Inamyendahan ang AS 15.40.440 na nagsasaad:

Sek. 15.40.440. Mga kinakailangan sa petisyon para sa mga kandidatong walang partido. Dapat lagdaan ng mga kwalipikadong botante ang mga petisyon para sa nominasyon ng mga kandidato na hindi kumakatawan sa isang partido politikal na katumbas ng hindi bababa sa isang porsyento ng bilang ng mga botanteng bumoto sa distrito ng kapulungan o senado ng iminungkahing nominado sa nakaraang pangkalahatang halalan. Hindi maaaring mas mababa sa 50 lagda ang nakapaloob sa isang petisyon para sa alinmang distrito, at dapat ipahayag sa kabuuan ang mga kinakailangan sa mga petisyon para sa nominasyon ayon sa AS 15.25.180.

***Sek. 77.** Muling pinagtibay ang AS 15.40.450 na nagsasaad:

Sek. 15.40.450. Mga kahilingan sa petisyon ng partido politikal. Ang mga petisyon para sa nominasyon ng mga kandidato ng mga partido politikal ay dapat ipahayag sa kabuuan na ang partido ay nagnanais at may intensyong suportahan ang nabanggit na kandidato para sa posisyon ng senador ng estado sa espesyal na halalan at humihiling na mailagay sa balota ang pangalan ng kandidatong hinirang.

***Sek. 78**. Muling pinagtibay ang AS 15.40.460 na nagsasaad:

Sek. 15.40.460. Pagpili ng mga nominado ng partido politikal. Maaaring piliin ng kani-kanilang komite ng partido sa distrito o sa anumang ibang paraan na itinakda ng mga tuntunin ng partido ng partido ang mga nominado ng mga partido politikal, at ang petisyon ay dapat lagdaan ng tagapangulo ng komite ng partido sa distrito o ng anumang ibang opisyal ng partido na itinalaga ng mga tuntunin ng partido ng partido.

***Sek. 79**. Inamyendahan ang AS 15.40.470 na nagsasaad:

Sek. 15.40.470. Pangkalahatang probisyon para sa pagsasagawa ng espesyal na halalan. Maliban kung may partikular na itinakdang naiiba, lahat ng probisyon hinggil sa pagsasagawa ng pangkalahatang halalan ang siyang mangingibabaw sa pagsasagawa ng espesyal na halalan para sa senador ng estado. Kasama rito ang mga probisyon tungkol sa kwalipikasyon ng botante; mga probisyon hinggil sa tungkulin, kapangyarihan, karapatan, at obligasyon ng direktor, iba pang opisyal ng halalan, at ng mga munisipalidad; probisyon para sa abiso ng halalan; probisyon para sa pagbabayad ng gastusin sa halalan; mga probisyon ukol sa pagbibigay ng oras sa mga empleyado mula sa trabaho upang bumoto; mga probisyon para sa pagbibilang, pagsusuri, at sertipikasyon ng mga resulta; mga probisyon para sa pagtukoy ng mga boto at ng muling pagbibilang, pagtutol, at pag-apela; at probisyon para sa balota ng hindi makakarating.

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 80.** Inamyendahan ang AS 15.45.190 na nagsasaad:

Sek. 15.45.190. Paglalagay ng proposisyon sa balota. Dapat mag-utos sa direktor ang tenyente-gobernador na ilagay ang pamagat ng balota at proposisyon sa balota ng halalan sa unang pangkalahatan, espesyal, espesyal na muling halalan, o primaryang halalan sa buong estado na gaganapin pagkatapos ng

(1) maisumite ang petisyon;

(2) pagtitipon at pagtatapos ng sesyon ng lehislatura; at

(3) paglipas ng 120 araw mula sa pagtatapos ng naturang sesyon ng lehislatura

***Sek. 81.** Inamyendahan ang AS 15.45.420 na nagsasaad:

Sek. 15.45.420. Paglalagay ng proposisyon sa balota. Dapat mag-utos sa direktor ang tenyente-gobernador na ilagay ang pamagat ng balota at proposisyon sa balota ng halalan para sa unang pangkalahatan, espesyal, espesyal na muling halalan, o primaryang halalan sa buong estado na gaganapin nang higit sa 180 araw matapos ang pagtatapos ng sesyon ng lehislatura kung saan ipinasa ang batas.

***Sek. 82**. Inamyendahan ang AS 15.58.010 na nagsasaad:

Sek. 15.58.010. Polyeto ng Halalan. Bago ang bawat pangkalahatang halalan ng estado, at bago rin ang bawat primarya, espesyal, o espesyal na muling halalan kung saan may proposisyong nakatakdang ilagay sa balota, ihahanda, ilalathala, at ipapadala ng tenyente-gobernador ang kahit isang polyeto ng halalan sa bawat sambahayan na nakalista sa opisyal na talaan ng mga rehistradong botante. Ihahanda ang polyeto batay sa mga rehiyon, ayon sa pagpapasya ng tenyente-gobernador.

***Sek. 83**. Pinawalang-bisa ang AS 15.58.020(a)(13).

***Sek. 84.** Inamyendahan ang AS 15.58.020(b) na nagsasaad:

(b) Bawat polyeto para sa primarya, espesyal, o espesyal na muling halalan ay dapat maglaman lamang ng impormasyong tinutukoy sa (a)(G) at (a)(9) ng seksyong ito para sa bawat panukalang-batas na nakatakdang isama sa balota ng primarya, espesyal, o espesyal na muling halalan.

***Sek. 85.** Pinawalang-bisa ang AS 15.58.020(c).

***Sek. 86.** Inamyendahan ang AS 15.58.030(b) na nagsasaad:

(b) Hindi lalampas sa Hulyo 22 ng taon kung kailan gaganapin ang isang pangkalahatang halalan ng estado, maaaring magsumite sa tenyente-gobernador ng litrato at pahayag na nagsusulong ng kanyang kandidatura ang sinumang nagiging kandidato para sa posisyon ng senador ng Estados Unidos, kinatawan ng Estados Unidos, gobernador, tenyente-gobernador, senador ng estado, o kinatawan ng estado sa ilalim ng AS 15.25.030 o AS 15.25.180. Sinumang nagiging kandidato para sa posisyon ng senador ng Estados Unidos, kinatawan ng Estados Unidos, gobernador, tenyente-gobernador, senador ng estado, o kinatawan ng estado sa pamamagitan ng petisyon ng partido na inihain sa ilalim ng AS 15.25.110 ay maaaring magsumite sa tenyente-gobernador ng litrato at pahayag na nagsusulong ng kanyang kandidatura sa loob ng 10 araw mula nang maging kandidato.

***Sek. 87.** Inamyendahan ang AS 15.80.010(9) na nagsasaad:

(9) Tumutukoy ang “pederal na halalan” sa isang pangkalahatan, espesyal, espesyal na muling halalan, o primaryang halalan na isinasagawa nang buo o bahagi para sa layuning pumili, magtalaga, o maghalal ng kandidato para sa posisyon ng Presidente, Bise-Presidente, tagahalal ng pangulo, senador ng Estados Unidos, o kinatawan ng Estados Unidos;

***Sek. 88.** Inamyendahan ang AS 15.80.010(27) na nagsasaad:

(27) Tumutukoy ang “partido politikal” sa isang organisadong grupo ng mga botante na kumakatawan sa isang programang politikal at

(A) nagtala ng kandidato para sa gobernador na nakatanggap ng hindi bababa sa tatlong porsyento ng kabuuang boto na ibinigay para sa gobernador sa nakaraang pangkalahatang halalan o may mga rehistradong botante sa estado na katumbas ng hindi bababa sa tatlong porsyento ng kabuuang boto na ibinigay para sa gobernador sa nakaraang pangkalahatang halalan;
(B) kung ang posisyon ng gobernador ay wala sa balota sa nakaraang pangkalahatang halalan ngunit ang posisyon ng senador ng Estados Unidos ay nasa balota, na nagnomina ng kandidato para sa senador ng Estados Unidos na nakatanggap ng hindi bababa sa tatlong porsyento ng kabuuang boto na ibinigay para sa senador ng Estados Unidos sa nasabing halalan o may mga rehistradong botante sa estado na katumbas ng hindi bababa sa tatlong porsyento ng kabuuang boto na ibinigay para sa senador ng Estados Unidos sa nasabing halalan; o
(C) kung parehong wala sa balota ang posisyon ng gobernador at ng senador ng Estados Unidos sa nakaraang pangkalahatang halalan, nagtala ng kandidato para sa kinatawan ng Estados Unidos na nakatanggap ng hindi bababa sa tatlong porsyento ng kabuuang boto na ibinigay para sa kinatawan ng Estados Unidos sa nasabing halalan o may mga rehistradong botante sa estado na katumbas ng hindi bababa sa tatlong porsyento ng kabuuang boto na ibinigay para sa kinatawan ng Estados Unidos sa nasabing halalan;

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

***Sek. 89.** Pinawalang-bisa ang AS 15.80.010(46).

***Sek. 90.** Inamyendahan ang AS 39.50.020(b) na nagsasaad:

(b) Isang opisyal ng pamahalaan o dating opisyal ng pamahalaan, maliban sa halal o itinalagang opisyal ng munisipyo, ay dapat magsumite ng pahayag sa Komisyon ng Pampublikong Opisina ng Alaska. Kandidato para sa posisyon ng gobernador at tenyente-gobernador, at kung ang kandidato ay hindi sakop ng AS 24.60, ang lehislatura ay magsusumite ng pahayag sa ilalim ng AS 15.25.030 o AS 15.25.180. Opisyal ng munisipyo, dating opisyal ng munisipyo, at kandidato para sa halal na posisyon sa munisipyo ay magsusumite sa clerk ng munisipyo o sa iba pang opisyal ng munisipyo na itinalaga upang tanggapin ang kanilang pagsusumite para sa opisina. Lahat ng pahayag na kinakailangang isumite sa ilalim ng kabanatang ito ay mga pampublikong rekord.

***Sek. 91.** Ang hindi nakodipikang batas ng Estado ng Alaska ay binabago sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang bagong seksyon na ganito ang nilalaman:

TRANSISYON; EDUKASYON NG MGA BOTANTE TUNGKOL SA MGA PAGBABAGONG GINAWA PARA SA PAGBABALIK SA TRADISYONAL NA SISTEMA NG PAGBOTO.

Sa loob ng hindi bababa sa dalawang kalendaryong taon kaagad pagkatapos ng bisa ng Batas na ito, ang direktor ng halalan ay dapat, sa paraang makatwirang inaasahang makapagbibigay ng edukasyon sa publiko, ipaalam sa mga botante ang mga pagbabagong ginawa sa mga sistema ng halalan ng estado sa Batas na ito.

Panukalang Balota Blg. 2 - 24ESEG

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

PAHAYAG NG PAGSUPORTA

Ang pagboto ng OO sa Panukalang Balota Blg. 2 ay ibinabalik ang mga halalan sa Alaska sa dati nitong kalagayan bago ang 2020:
1. Wawakasan ang Pagboboto ng Niraranggong Pagpili
2. Ibabalik ang Bukas na Pangunahing Halalan
3. Ibabalik ang mga Batas sa Pagsisiwalat ng Kampanya Bago ang 2020

(1) Ang OO sa 2 ay Nagwawakas sa Pagboboto ng Niraranggong Pagpili
- Mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan: Ang mga grupong may mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan mula sa labas ng estado ay gumastos ng sampu-sampung milyong dolyar upang hikayatin ang mga taga-Alaska na tanggapin ang pagboboto ng niraranggong pagpili.
- Ipinagbabawal sa 19 na Estado: Ang mga bilyonaryong gumagamit ng mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan mula sa mas mababang 48 na mga estado ay natatalo sa kanilang kampanya para sa pagboboto ng niraranggong pagpili sa buong bansa. Umaasa silang, kung gagastos sila ng sapat na mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan dito, pananatilihin ng mga taga-Alaska ang kanilang nabigong sistema.
- Masalimuot na mga Balota: Ang mga balota para sa pagboboto ng niraranggong pagpili ay lubhang masalimuot. Ang pagwawakas sa pagboboto ng niraranggong pagpili ay magbabalik sa simple at tuwirang halalan ng Isang Tao, Isang Boto.
- Mga Balotang Hindi Nabibilang: Libu-libong balota ang hindi nabibilang bawat taon. Ang pagwawakas sa pagboboto ng niraranggong pagpili ay titiyak na ang mga resulta ng halalan ay kumakatawan sa kagustuhan ng lahat ng botante, hindi lamang ng mga wastong nakapuno ng napakasalimuot na balota.
- Minamanipulang mga Resulta: Dahil sa mababang bilang ng mga botanteng lumalahok, mga balotang hindi nabibilang, at mga balotang hindi wastong napunan, ang mga resulta ng bawat halalan ay hindi kumakatawan sa mga taga-Alaska. Nakapipinsala ito sa mga taga-Alaska, ngunit nakabubuti sa mga kandidatong sinusuportahan ng mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan mula sa labas ng estado.
- Mataas na Panganib: Ang pagboboto ng niraranggong pagpili ay nagdulot ng maraming naitalang kaso ng mga iregularidad sa halalan. Higit pa rito, imposibleng mapatunayan ang mga kahina-hinalang resultang iyon sa pamamagitan ng manu-manong pagbibilang; sa halip, kailangan na lamang nating magtiwala sa algorithm ng kompyuter.
- Paghihintay ng Ilang Linggo para sa mga Resulta: Matagal nang inaabot ang pangangalap ng mga resulta mula sa iba't ibang panig ng Alaska. Lalo pang pinatatagal ng pagboboto ng niraranggong pagpili ang problemang ito sa pamamagitan ng pagpapaliban ng mga resulta nang ilang linggo.

(2) Ang OO sa 2 ay Nagbabalik ng Bukas na Pangunahing Halalan
- Ibalik ang Bukas na Pangunahing Halalan: Ang OO sa 2 ay hindi magsasara sa mga pangunahing halalan sa Alaska. Kasinungalingan iyon. Ibabalik ang ating mga pangunahing halalan sa sistemang ginamit bago ang 2020 na bukas sa 100% ng mga taga-Alaska - kabilang ang mga hindi miyembro ng anumang partido.
- Kasaysayan ng Bukas na Pangunahing Halalan sa Alaska: Binigyan ng isang walang kinikilingang pag-aaral ng Bipartisan Policy Center ang mga halalan sa Alaska bago ang sistemang Jungle Primary noong 2020 ng markang "Bukas." Ito ay dahil bukas ang mga ito sa 100% ng mga botante sa Alaska. Ibabalik ng pagboto ng OO sa 2 ang parehong sistema ng Bukas na Pangunahing Halalan.
- Mga Kasinungalingan Tungkol sa mga Pondong Hindi Isiniwalat ang Kanilang Pinagmulan: Ang parehong pondong mula sa labas ng estado na maling nagsasabing isasara ng OO sa 2 ang mga pangunahing halalan sa Alaska ang mismong nagpondo sa walang kinikilingang pag-aaral na nagbigay sa ating mga halalan ng markang "Bukas." Kaya alam nila ang katotohanan. Marahil ay iniisip lamang nilang hangal ang mga taga-Alaska.
- Wakasan ang Pinagsamang Pangunahing Halalan: Wawakasan ng OO sa 2 ang masalimuot na sistemang pinagsamang pangunahing halalan na nagresulta sa 17 kandidato para sa gobernador ngayong taon at 48 kandidato para sa Kongreso noong 2022.

(3) Ang OO sa 2 ay Nagbabalik ng mga Batas sa Pagsisiwalat ng Kampanya Bago ang 2020
- Patuloy na Dumadaloy ang mga Pondong Hindi Isiniwalat ang Kanilang Pinagmulan: Ang parehong mga bilyonaryo mula sa labas ng estado na nagsasabing magdudulot ang OO sa 2 ng pagdaloy ng mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan sa Alaska ay gumastos ng sampu-sampung milyong dolyar mula sa mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan upang protektahan ang pagboboto ng niraranggong pagpili.

- Talunin ang mga Pondong Hindi Isiniwalat ang Kanilang Pinagmulan na Sumusuporta sa Pagboboto ng Niraranggong Pagpili: Tatalunin ng OO sa 2 ang pinakamalaking pinagmumulan ng mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan na nakita kailanman sa Alaska - ang sampu-sampung milyong dolyar na ginastos upang suportahan ang pagboboto ng niraranggong pagpili.

Mead Treadwell, dating Tenyente Gobernador ng Alaska
Craig Campbell, dating Tenyente Gobernador ng Alaska
Loren Leman, dating Tenyente Gobernador ng Alaska

Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at inihaharap ayon sa pagkakasumite sa Dibisyon ng mga Halalan.

Panukalang Balota Blg. 2 - 24ESEG

Isang Batas na Nagbabalik sa Pangunahing Halalan ng mga Partidong Pulitikal, Nagtatapos sa Pangkalahatang Halalan na may Niraranggong Pagpili, at Nagpapawalang-bisa sa mga Kamakailang Batas sa Pananalapi ng Kampanya

PAHAYAG NG PAGSALUNGAT

Aanurin ng Panukalang Balota Blg. 2 ang Alaska ng hindi matutunton na pondo para sa kampanya, aalisin ang ating kalayaang bumoto para sa sinumang kandidatong ating pipiliin, at pahihintulutan ang mga pulitiko na manalo nang hindi nakakakuha ng mayorya ng mga boto.

Upang mapigilan ang mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan at mapigilan ang mga tagaloob sa pulitika na alisin ang iyong karapatang bumoto para sa kandidatong gusto mo, BUMOTO NG HINDI.

May tatlong bahagi ang sistema ng halalan ng Alaska na sama-samang dahilan kung bakit naiiba tayo sa alinmang ibang estado sa bansa:

- Ang mga batas sa pagsisiwalat ng mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan ay nagbibigay sa atin ng karapatang malaman kung sino ang gumagastos sa ating mga halalan at nag-aatas sa mga gumagastos mula sa labas na isiwalat sa publiko ang tunay na pinagmulan ng kanilang pondo.
- Tinitiyak ng bukas na pangunahing halalan na hindi kontrolado ng mga partidong pulitikal ang ating mga pangunahing halalan at na ang bawat Alaskan ay may karapatang bumoto para sa sinumang kandidatong nais nila.
- Tinitiyak ng pagboboto ng niraranggong pagpili na ang kandidatong mananalo ay dapat makakuha ng suporta ng mayorya ng mga botante.

Aalisin ng Panukalang Balota 2 ang lahat ng tatlong bahaging ito.

Bakit TANGING ang pagpapawalang-bisa sa pagboboto ng niraranggong pagpili ang pinag-uusapan ng mga tagapagtaguyod ng panukalang ito, nang walang binabanggit tungkol sa pagdagsa ng hindi nakikilalang pondong pangkampanya na darating sa atin kung maipapasa ito?

Dahil sinusubukan nilang itago kung ano talaga ang layunin ng panukalang ito:

- Aalisin ng Panukalang Balota 2 ang mga kinakailangan sa pagiging malinaw ng pananalapi ng kampanya at pahihintulutan ang lihim at hindi isiniwalat na paggastos sa mga halalan sa Alaska.
- Bibigyan din ng Panukalang Balota 2 ang mga pinuno ng mga partidong pulitikal ng karapatang pagkaitan ang mga botanteng hindi kaanib sa anumang partido ng pagkakataong bumoto sa mga pangunahing halalan. Mahigit 60% ng mga botante sa Alaska ay hindi kaanib sa anumang partido.

Pinangangalagaan ng Pagboto ng Hindi ang kalayaan ng botante:

- Ang Pagboto ng Hindi ay nagsasabi ng HINDI sa mga Bilyonaryong Taga-Labas na bumibili sa ating mga halalan nang walang pananagutan.
- Pinagtitibay ng Pagboto ng Hindi na may karapatan ang mga taga-Alaska na malaman kung sino ang gumagastos sa ating mga halalan.
- Pinangangalagaan ng Pagboto ng Hindi ang kalayaan ng bawat taga-Alaska na bumoto sa bawat halalan.

Ilang tanong na dapat pag-isipan bago ka bumoto:

- Sa palagay mo ba ay dapat na MAS KAUNTI ang pagiging malinaw sa ating mga halalan?
- Sa palagay mo ba ay dapat panatilihing LIHIM ang mga pangalan ng mga gumagastos sa mga halalan sa Alaska?
- Sa palagay mo ba ay dapat tayong magbigay ng higit na kapangyarihan at impluwensiya sa mga tagaloob ng mga partidong pulitikal at sa kanilang mga tagapagbigay ng donasyong bilyonaryo mula sa labas?
- Sa palagay mo ba ay dapat nating pahintulutan ang mga partidong pulitikal na pagbawalan ang mahigit 60% ng mga taga-Alaska na bumoto sa mga pangunahing halalan dahil lamang mas pinipili nilang huwag umanib sa isang partido?

Kung HINDI ang sagot mo sa alinman sa mga tanong na ito, dapat kang bumoto ng HINDI sa Panukalang Balota 2.

Ito ang ikatlong pagkakataon sa loob ng anim na taon na hinihiling sa mga taga-Alaska na bumoto hinggil sa ating sistema ng halalan. Hinihiling ng mga grupong may espesyal na interes at ng mga tagaloob ng mga partidong pulitikal na mag-aksaya tayo ng mas maraming oras at pera sa magastos at inuulit na panukalang balotang ito upang maagaw nila ang kapangyarihan mula sa mga botante at maibalik ito sa kanilang sarili.

Ang isyung ito ay hindi mga Demokratiko laban sa mga Republikano. Ito ay mga taga-Alaska laban sa mga Bilyonaryong Taga-Labas at mga tagaloob sa pulitika.

Bumoto ng Hindi sa Panukalang Balota 2 upang mapigilan ang mga pondong hindi isiniwalat ang kanilang pinagmulan at mapangalagaan ang kalayaan ng mga taga-Alaska.

Nicole Borromeo, Pangulo, ANCSA Rehiyonal na Asosasyon
Sen. Cathy Giessel, Pinuno ng Mayorya sa Senado (R)
Joelle Hall, Pangulo, Alaska AFL-CIO

Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at inihaharap ayon sa pagkakasumite sa Dibisyon ng mga Halalan.

Panukalang Balota Blg. 3 - 25USCV

Isang Batas na Tumutukoy sa mga Kwalipikasyon ng Botante

Lenguwahe ng Balota

Panukalang Balota Blg. 3 - 25USCV
Isang Batas na Tumutukoy sa mga Kwalipikasyon ng Botante

Inaatasan ng batas ng Alaska na ang isang tao ay dapat mamamayan ng Estados Unidos at nakatutugon sa iba pang mga kinakailangan upang makaboto. Itatakda ng batas na ito na tanging ang mga mamamayan ng Estados Unidos na nakatutugon sa iba pang mga kinakailangan ang maaaring bumoto. Hindi babaguhin ng batas na ito ang mga kinakailangan sa pagboto.

Dapat bang maging batas ang panukalang ito?

◯ Oo ◯ Hindi

BUOD NG AHENSIYA PARA SA MGA GAWAING PAMBATASAN

May apat na kinakailangan ang batas ng Alaska na dapat matugunan ng isang tao bago siya makaboto. Una, dapat siyang mamamayan ng Estados Unidos. Ikalawa, dapat siya ay hindi bababa sa 18 taong gulang. Ikatlo, dapat siyang residente ng Alaska at ng naaangkop na distrito ng kapulungan ng estado sa loob ng 30 araw bago ang halalan. At ikaapat, dapat siyang nakarehistro upang bumoto sa Alaska at hindi maaaring nakarehistro upang bumoto sa ibang hurisdiksiyon. Babaguhin ng batas na ito ang pagkakasulat ng umiiral na batas upang malinaw na nakasaad na tanging ang taong nakatutugon sa lahat ng apat na kinakailangan ang maaaring bumoto. Hindi babaguhin ng batas na ito ang mga kinakailangan o kwalipikasyon sa pagboto.

Pahayag ng mga Gastusin

Buod ng mga Gastusin ng Ahensiya

Ahensiya	Gastusin
Tanggapan ng Tenyente Gobernador	$15,000
Tanggapan ng Tenyente Gobernador – Dibisyon ng mga Halalan	$99,050
KABUUAN	**$114,050**

Tantiya ng mga Gastusin para sa Tanggapan ng Tenyente Gobernador at sa Dibisyon ng mga Halalan

Alinsunod sa AS 15.45.090(a)(3), inihanda ng Tanggapan ng Tenyente Gobernador at ng Dibisyon ng mga Halalan ang sumusunod na pahayag ng mga gastusin upang ipatupad ang iminungkahing inisyatiba sa balota.

Tenyente Gobernador

Sa ilalim ng Alaska Statute 15.45.195, hindi bababa sa 30 araw bago ang halalan kung saan isasama sa balota ang isang panukalang inisyatiba, ang tenyente gobernador o ang itinalaga ng

tenyente gobernador ay dapat magsagawa ng dalawa o higit pang pampublikong pagdinig tungkol sa inisyatiba sa bawat distritong panghukuman ng estado. Ang bawat pampublikong pagdinig sa ilalim ng seksyong ito ay dapat magsama ng nakasulat o pasalitang patotoo mula sa isang tagasuporta at isang tumututol sa inisyatiba.

Tinatayang gastusin sa paglalakbay ng Tenyente Gobernador at isang kawani	**$15,000**

Dibisyon ng mga Halalan

Ang pinakamababang gastusin ng Dibisyon ng mga Halalan na may kaugnayan sa sertipikasyon ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon ng inisyatiba, hindi kasama ang mga gastusing legal ng estado at ang mga gastusin ng estado para sa anumang paghamon sa bisa ng petisyon, ay tinatayang $99,050.

Anim na pansamantalang kawani ang kakailanganin upang suriin ang mga lagda sa loob ng 2,520 oras sa tinatayang gastusing $58,804, at ang sertipikasyon ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon ng inisyatiba, na tinatayang mangangailangan ng 504 oras, ay magkakahalaga ng tinatayang $23,639. Ang mga gastusin sa serbisyo ng paglilimbag na kaugnay ng sertipikasyon ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon ng inisyatiba ay mangangailangan ng $1,605 para sa paglilimbag ng mga polyeto para sa mga botante.

Ang tinatayang gastusin sa pagsasalin ng teksto ng panukalang balota para sa mga audio at halimbawang balota, pahayag ng pagsuporta sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, pahayag ng pagsalungat sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, at walang kinikilingang buod sa Opisyal na Polyeto ng Halalan sa mga wikang kinakailangan ng Kasunduang Toyukak at Seksyon 203 ng Pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto ay tinatayang $15,002.

Tantiya ayon sa Kategorya	
Pagsusuri ng Petisyon	$82,443
Mga Serbisyo sa Paglilimbag ng Petisyon	$1,605
Pagsasalin ng Teksto ng Inisyatiba sa Iba’t Ibang Wika	$15,002
KABUUAN	**$99,050**

Panukalang Balota Blg. 3 - 25USCV

Isang Batas na Tumutukoy sa mga Kwalipikasyon ng Botante

Buong Teksto ng Iminungkahing Batas

ISANG INISYATIBA UPANG:

ATASAN NA TANGING MGA MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS LAMANG ANG MAAARING MAGING MGA KUWALIPIKADONG BOTANTE SA MGA HALALAN SA ALASKA.

ISANG PANUKALANG BATAS SA PAMAMAGITAN NG INISYATIBA

Para sa Isang Batas na Pinamagatang

“Isang Batas na Nagtatakda na Tanging mga Mamamayan ng Estados Unidos Lamang ang Maaaring Maging Kuwalipikadong Bumoto sa mga Halalan sa Alaska”

IPINATUTUPAD NG MGA MAMAMAYAN NG ESTADO NG ALASKA ANG SUMUSUNOD:

***Seksyon 1. Ang AS 15.05.010 ay sinusugan upang mabasa nang ganito:**

Sek. 15.05.010. Kuwalipikasyon ng botante. Tanging ang isang taong

(1) ay mamamayan ng Estados Unidos;

(2) ay 18 taong gulang o mas matanda;

(3) ay naging residente ng estado at ng distrito ng kapulungan kung saan nais ng taong bumoto nang hindi bababa sa 30 araw bago ang halalan; at

(4) ay nakapagparehistro bago ang halalan ayon sa kinakailangan sa ilalim ng AS 15.07 at hindi nakarehistro upang bumoto sa ibang hurisdiksiyon ang maaaring bumoto sa alinmang halalan.

Panukalang Balota Blg. 3 - 25USCV

Isang Batas na Tumutukoy sa mga Kwalipikasyon ng Botante

PAHAYAG NG PAGSUPORTA SA PANUKALANG BALOTA 25USCV

Ano ang Panukalang Balota 25USCV?

Ang Panukalang Balota 25USCV ay isang inisyatiba ng mga mamamayan na magdaragdag ng kalinawan sa batas ng Alaska sa pamamagitan ng pagsasaad na tanging mga mamamayan ng Estados Unidos lamang ang maaaring maging mga kuwalipikadong botante sa mga halalan sa Alaska.

Sinasabi ng kasalukuyang batas na maaaring bumoto ang mga mamamayan, ngunit hindi nito tahasang isinasaad na tanging mga mamamayan lamang ang maaaring bumoto. Isinasara ng panukalang ito ang kakulangang iyon at ginagawang ganap na malinaw ang batas ng Alaska.

Hindi nito binabago kung sino ang isang mamamayan ng Estados Unidos o naaapektuhan ang pederal na batas sa imigrasyon. Nililinaw nito ang batas sa halalan ng Alaska upang maipakita ang nauunawaan na ng karamihan sa mga botante: kapag ang mga taga-Alaska ay bumoboto para sa mga lokal, pang-estado, o pederal na katungkulan, nakikibahagi sila sa isang natatanging gawaing Amerikano ng sariling pamamahala na nakalaan para sa mga mamamayan.

Ano ang gagawin ng Panukalang Balota 25USCV?

Kapag naaprubahan, isusulat ng panukalang ito sa batas na ang pagiging kuwalipikadong botante sa Alaska ay limitado sa mga mamamayan ng Estados Unidos, habang pinananatili ang umiiral na mga proteksiyon laban sa diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, relihiyon, o kapansanan.

Hindi binabago ng inisyatibang ito ang mga pamamaraan ng pagpaparehistro para sa mga kuwalipikadong mamamayan. Nililinaw nito na ang mga hindi mamamayan, kahit na sila ay legal na naninirahan sa bansa, ay hindi maaaring magparehistro o bumoto sa mga pang-estado o lokal na halalan.

Tinutulungan din ng Panukalang Balota 25USCV na matiyak na ang sistema ng halalan ng Alaska ay nananatiling tuwiran at mas madaling pangasiwaan. Ang malinaw na mga pamantayan ay nakababawas ng kalituhan sa Dibisyon ng mga Halalan, sa DMV, at sa iba pang mga ahensiyang tumutulong sa pagpaparehistro ng mga botante, at binabawasan ang posibilidad na ang mga taong hindi kuwalipikado ay aksidenteng maisama sa talaan ng mga botante.

Ano ang gagawin ng pagboto ng OO sa Panukalang Balota 25USCV?

Ang pagboto ng OO ay magpapatunay na nais ng mga taga-Alaska na panatilihin ang pagboto bilang isang pangunahing karapatan at pananagutan ng pagkamamamayan. Sa iba't ibang panig ng bansa, dumarami ang mga lungsod na nagsisimula nang pahintulutan ang ilang hindi mamamayan na bumoto sa mga lokal na halalan, na nagdudulot ng kalituhan at kontrobersiya tungkol sa kung sino ang dapat lumahok sa pagpili ng mga pinuno ng komunidad at sa pagpasa ng mga batas. Sa pagpasa ng 25USCV, malinaw na ipapakita ng Alaska na hindi nito tatahakin ang landas na iyon.

Ang pagboto ng OO ay magbibigay rin ng mas malinaw na gabay sa mga opisyal ng halalan at sa mga posibleng botante. Kapag simple ang tuntunin — dapat kang maging mamamayan ng Estados Unidos upang makaboto — mas maliit ang posibilidad na ang mga tao ay makagawa ng di-sinasadyang pagkakamali, at mas magiging mahusay ang estado sa pagpapanatili ng tumpak na talaan ng mga botante.

BUMOTO NG OO upang Pangalagaan ang Integridad ng mga Halalan sa Alaska

Ipinagmamalaki ng mga taga-Alaska ang tradisyon ng pakikilahok sa mga gawaing sibiko, mga komunidad na may matibay na ugnayan, at mga halalang napagpapasyahan sa pamamagitan ng maliliit na agwat ng boto. Mahalaga ang pagtitiwala ng publiko na bawat legal na boto ay nabibilang — at na tanging mga legal na boto lamang ang nabibilang.

Pinatitibay ng Panukalang Balota 25USCV ang pagtitiwalang iyon sa pamamagitan ng pagpapatibay sa batas na ang mga halalan sa Alaska ay para sa mga mamamayan ng Estados Unidos, habang nananatiling buo ang lahat ng paraan kung paano maaaring magparehistro at bumoto ang mga kuwalipikadong taga-Alaska.

Pinararangalan din ng inisyatibang ito ang landas ng legal na imigrasyon at pagkamamamayan. Sinusuportahan nito ang mga imigranteng nagsisikap na maging mga mamamayan ng Estados Unidos at pagkatapos ay ganap na matamo ang karapatang bumoto.

John Coghill Jr., Dating Senator

Charles M. Chenault, Dating Ispiker ng Kapulungan

Joshua C. Revak, Dating Senador ng Estado ng Alaska

Ang pahayag na nakasulat sa pahinang ito ay opinyon gn may (mga) akda at inilahad ayon sa sinumite ng Division ng Eleksyon.

Panukalang Balota Blg. 3 - 25USCV

Isang Batas na Tumutukoy sa mga Kwalipikasyon ng Botante

PAHAYAG NG PAGSALUNGAT

Matapos ang paglalathala sa Sistema ng mga Pampublikong Abiso sa Online ng Alaska at ang pagpapadala ng mga kahilingan, ang Dibisyon ng mga Halalan ay hindi nakatanggap ng tugon para sa Pahayag ng Pagsalungat para sa panukalang balota na ito.

Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at inihaharap ayon sa pagkakasumite sa Dibisyon ng mga Halalan.

MGA KANDIDATO PARA SA PANANATILI SA HUDIKATURA



NOBYEMBRE 3
PANGKALAHATANG HALALAN

Mga Kandidato sa Hudikatura para sa Pananatili sa Tungkulin

Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Martes, Nobyembre 3, 2026

Kataas-taasang Hukuman
Jude Pate

Mataas na Hukuman, Unang Distritong Hudisyal
Marianna C. Carpeneti
Daniel E. Doty
Katherine H. Lybrand

Mataas na Hukuman, Ikatlong Distritong Hudisyal
Laura Hartz
Yvonne Lamoureux
Kelly J. Lawson
Jack R. McKenna
David A. Nesbett
Christina Rankin
Christina Reigh
Ian Wheeles
Jonathan A. Woodman

Hukuman ng Distrito, Ikatlong Distritong Hudisyal
Chris Darnall
Martin Fallon
Shawn D. Traini

Hindi MAKAKABOTO ang Alaska kung wala ang mga Manggagawa sa Halalan at pinahahalagahan namin ang lahat ng kanilang ginagawa!



Ang Dibisyon ng mga Halalan ay dapat mag-recruit at magsanay ng libo-libong mga Manggagawa sa Presinto, mga Miyembro ng Lupon, at iba pa sa buong estado.

Bisitahin ang elections.alaska.gov/election-workers upang matuto pa kung paano ka makakatulong.

Mga Tagubilin: Upang bumoto sa mga sumusunod, punuin nang buo ang bilog sa kanan ng iyong pinili.

Kataas-taasang Hukuman

Mahistrado Pate

Dapat bang manatili si Jude Pate bilang mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman nang sampung taon?

OO ◯ HINDI ◯

Ikatlong Distritong Panghukuman Mataas na Hukuman

Hukom Hartz

Dapat bang manatili si Laura Hartz bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Lamoureux

Dapat bang manatili si Yvonne Lamoureux bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Lawson

Dapat bang manatili si Kelly J. Lawson bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ NO ◯

Hukom McKenna

Dapat bang manatili si Jack R. McKenna bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Nesbett

Dapat bang manatili si David A. Nesbett bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Rankin

Dapat bang manatili si Christina Rankin bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Ikatlong Distritong Panghukuman Mataas na Hukuman

Hukom Reigh

Dapat bang manatili si Christina L. Reigh "Tina" bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Wheeles

Dapat bang manatili si Ian Wheeles bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Woodman

Dapat bang manatili si Jonathan A. Woodman bilang hukom ng Mataas na Hukuman nang anim na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Ikatlong Distritong Panghukuman Hukumang Pangdistrito

Hukom Darnall

Dapat bang manatili si Chris Darnall bilang hukom ng Hukumang Pangdistrito nang apat na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Fallon

Dapat bang manatili si Martin Fallon bilang hukom ng Hukumang Pangdistrito nang apat na taon?

OO ◯ HINDI ◯

Hukom Traini

Dapat bang manatili si Shawn D. Traini bilang hukom ng Hukumang Pangdistrito nang apat na taon?

OO ◯ HINDI ◯

HALIMBAWANG BALOTA

Mga Hukom sa Balota

Gabay sa mga Pagsusuri at Rekomendasyon ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska

Bakit nasa balota ang mga hukom?

Inaatasan ng Saligang Batas ng Alaska at batas ng estado ang mga hukom ng mga hukuman ng estado na lumabas sa balota upang aprubahan o hindi aprubahan ng mga botante (na tinutukoy bilang mga halalan para sa pagpapanatili ng mga hukom sa katungkulan). Ang mga halalan para sa pagpapanatili ng mga hukom sa katungkulan ay hindi batay sa partidong pampulitika. Hindi pinahihintulutan ang mga hukom na mangampanya maliban kung may aktibong tumututol sa kanilang pananatili sa katungkulan. Ang kapangyarihan at tungkuling ito ng mga mamamayan na bumoto hinggil sa pagpapanatili ng mga hukom sa katungkulan ay isang mahalagang bahagi ng sistemang panghukuman ng Alaska.

Paano ko malalaman ang tungkol sa mga hukom na nasa balota?

Upang mabigyan ang mga botante ng impormasyon tungkol sa pagganap ng mga hukom, inaatasan ng batas ng estado ang Konsehong Panghukuman na suriin ang bawat hukom na nasa balota, gawing magagamit ang impormasyong ito sa mga botante, at binibigyan ng kapangyarihan ang Konsehong Panghukuman na magbigay ng rekomendasyon hinggil sa pagpapanatili o hindi pagpapanatili sa katungkulan. Inilalathala ng Konsehong Panghukuman ang buod ng impormasyon tungkol sa pagganap ng bawat hukom at ang rekomendasyon nito sa Polyeto ng Halalan na ito, at inilalagay rin ang kumpletong mga ulat tungkol sa pagganap ng mga hukom sa website nito.

Paano sinuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska ang mga hukom na nasa balota?

Tinipon at sinuri ng Konsehong Panghukuman ang impormasyon mula sa iba't ibang pinagmulan at pananaw upang makabuo ng isang kumpletong larawan ng pagganap ng bawat hukom. Ang Konseho ay:

- Nagsagawa ng sarbey sa mga gumagamit ng hukuman na pamilyar sa gawain ng bawat hukom (mga abogado, opisyal ng kapayapaan, mga empleyado ng hukuman, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado);
- Nangalap at isinasaalang-alang ang mga komento mula sa publiko;
- Sinuri kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na hukuman ang mga desisyon ng isang hukom sa paglilitis, ang mga pagsisiwalat sa pananalapi at salungatan ng interes, mga pampublikong tala sa etika, kung gaano kadalas inalis ang hukom sa isang kaso, at kung ang suweldo ng hukom ay ipinagpaliban dahil sa anumang hindi napapanahong desisyon;
- Sinuri ang mga gawaing pang-edukasyon ng hukom, pakikilahok sa komunidad, at mga pagsisikap upang mapabuti ang pangangasiwa ng katarungan;
- Nagsagawa ng iba pang imbestigasyon kung kinakailangan

Pagkatapos ay ginamit ng Konsehong Panghukuman ang impormasyong ito upang matukoy kung natugunan ng mga hukom ang mga pamantayan sa pagganap sa mga sumusunod na larangan:

- Integridad
- Kakayahang Legal
- Ugali
- Walang Kinikilingan at Pagiging Makatarungan
- Kasipagan at Kasanayang Administratibo

Kung natugunan ng isang hukom ang mga pamantayan sa pagganap, inirekomenda ng Konseho na manatili siya sa katungkulan.

Mga Hukom sa Balota

Gabay sa mga Pagsusuri at Rekomendasyon ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska

Anong Impormasyon ang nakapaloob sa polyetong ito?

Ang pahina ng bawat hukom ay naglalaman ng buod ng mga resulta ng kanilang pagsusuri, isang pasya kung natugunan nila ang mga pamantayan sa pagganap, at rekomendasyon ng Konseho kung dapat silang manatili sa katungkulan.

Ang tsart sa pahina ng bawat hukom ay isang halimbawa ng mga marka sa sarbey na natanggap ng hukom hinggil sa kanyang pangkalahatang pagganap.

Ang seksyon ng mga natuklasan sa pagganap sa pahina ng bawat hukom ay nagpapakita ng karaniwang marka mula sa lahat ng pangkat ng mga gumagamit sa sarbey tungkol sa pangkalahatang pagganap. Ang karaniwang markang 4.0 o mas mataas ay itinuturing na napakahusay, at ang karaniwang markang 3.0 hanggang 3.9 ay itinuturing na mahusay.

Sino ang nagsisilbi sa Konsehong Panghukuman ng Alaska?

Ang mga kasapi ng Konsehong Panghukuman ay mga boluntaryong mamamayan na naninirahan sa iba't ibang bahagi ng Alaska. Itinatakda ng Saligang Batas ng Alaska ang kasapian ng Konsehong Panghukuman:

- Tatlong hindi abogado na itinalaga ng gobernador at kinumpirma ng mayorya ng mga kasapi ng lehislatura sa magkasanib na sesyon;
- Tatlong abogado na inihalal ng kanilang mga kapwa abogado sa pamamagitan ng isang nagpapayong balota at pagkatapos ay itinalaga ng Lupon ng mga Gobernador ng Samahan ng mga Abogado ng Alaska (isang entidad na nilikha at binigyan ng kapangyarihan ng Lehislatura ng Alaska); at
- Ang Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska, na nagsisilbing tagapangulo. (Ang Punong Mahistrado ay bumoboto lamang kung kinakailangan upang mabasag ang tabla.)

Inaatasan ng Saligang Batas na ang lahat ng pagtatalaga sa Konseho ay gawin nang may "nararapat na pagsasaalang-alang sa representasyon ng mga lugar at walang pagsasaalang-alang sa kaugnayang pampulitika."

Ang mga kasapi ay nagsisilbi sa magkakahanay na anim na taong termino. Wala silang natatanggap na pinansiyal na kabayaran para sa kanilang gawain maliban sa pagbabayad ng kanilang mga gastusin sa paglalakbay.

Tingnan ang kumpletong mga resulta ng sarbey at buong ulat ng pagganap ng bawat hukom sa
www.ajc.state.ak.us

Paano pinipili ang mga hukom sa Alaska?

Sa ilalim ng Saligang Batas ng Alaska, ang pagpili ng mga hukom ay isang prosesong may dalawang bahagi na kinasasangkutan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska at ng gobernador.

Ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ay isang komisyong hindi batay sa partidong pampulitika na binubuo ng mga mamamayan. Sinusuri ng mga kasapi ng Konsehong Panghukuman ang mga aplikasyon ng mga taong nagnanais maging hukom at itinatalaga ang mga pinaka-kuwalipikado sa kanila. Pagkatapos ay nagtatalaga ang gobernador ng isang hukom mula sa listahang ibinigay ng Konsehong Panghukuman. Ang sistemang ito ay tinatawag na "pagpili batay sa merito."

Pinili ng mga bumalangkas ng Saligang Batas ng Alaska ang pagpili batay sa merito, matapos ang masusing pag-aaral at talakayan, bilang pinakamahusay na paraan upang piliin at italaga ang mga hukom na may pinakamataas na kuwalipikasyon at upang mabawasan ang impluwensiya ng partidistang pulitika sa hudikatura.

Mga Kasalukuyang Kasapi ng Konsehong Panghukuman

Kristie Babcock, kasaping hindi abogado mula sa Soldotna; Patricia Collins, kasaping abogado mula sa Juneau; **Dennis DeWitt**, kasaping hindi abogado mula sa Juneau; Jeffrey Robinson, kasaping abogado mula sa Anchorage; **Michael Miller**, kasaping hindi abogado mula sa Fairbanks; Savannah Fletcher, kasaping abogado mula sa Fairbanks; at **Susan Carney**, ang Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska, mula sa Fairbanks.

Hukom ng Kataas-taasang Hukuman

Jude Pate, **Kataas-taasang Hukuman**



ADRES SA KOREO: 703 Lake Street
Sitka, Alaska 99835

EDAD: 61

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Nuremberg, Germany

PANGALAN NG ASAWA: Christine McLeod Pate

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: William Skye Pate, Joseph McLeod Pate

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 33 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Sitka (1993- kasalukuyan)
Juneau (2023- kasalukuyan)

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng AFCENT, Netherlands (1980-1983)
Unibersidad ng Kansas, Batsilyer sa Pamamahayag (B.S.) (1983-1989)
Kolehiyo ng Abogasiya ng Lewis & Clark Northwestern, J.D. (1990-1993)

MGA KATUNGKULANG PAMPULITIKA AT PAMPAMAHALAAN: Mahistrado, Kataas-taasang Hukuman ng Alaska (2023-kasalukuyan)
Hukom, Mataas na Hukuman ng Sitka (2018-2023)
Pangalawang Pampublikong Tagapagtanggol, Sitka (2006-2018)
Pribadong Praktika sa Abogasya (1999-2006)
Tagapayo para sa Sitka Tribo ng Alaska (1994-1999)

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL: Tagapangulo, Komite sa Pagpaplano ng Kumperensiya para sa mga Bagong Hukom Tagapangulo, Komite para sa Malusog na Lugar ng Trabaho
Kasamang Tagapangulo, Komite sa Edukasyong Panghukuman

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD:
Samahan ng mga Abogado ng Sitka
Samahan ng mga Abogado ng Juneau
Tagapagsanay, kunwa-kunwariang paglilitis ng Mataas na Paaralan ng Sitka

MGA NATATANGING INTERES:
Pangingisda, pangangaso, pangangalap para sa ikabubuhay, at pagtugtog ng musika kasama ang pamilya at mga kaibigan.

PAHAYAG:
Ang paglilingkod ng aking ama sa militar ay nagtanim sa akin ng malalim na diwa ng tungkuling sibiko mula pa noong ako ay bata. Palaging hinihikayat ako ng aking ina na maging matapang, mabait, at matiisin sa pagharap sa mahihirap na pagpapasya. Itinuro sa akin ng aking unang propesyonal na tagapayo, si Punong Hukom Bill Brady ng Hukuman ng Tribo ng Sitka, kung paano dapat maging gabay sa mga pagpapasyang ginagawa natin para sa iba ang mga pangunahing alituntunin ng angkop na proseso.

Naniniwala ako na ang paglilingkod sa publiko, at lalo na ang pakikilahok sa sistemang panghukuman, ay isang sagradong pananagutan. Ang panahong naglingkod ako sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska ang naging pinakamahirap at pinakakapaki-pakinabang na yugto ng aking propesyonal na karera. Isang malaking karangalan at napakalaking pananagutan ang maipagpatuloy ang paglilingkod sa mga mamamayan ng Alaska bilang isang mahistrado.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Mahistrado Jude Pate, *Kataas-taasang Hukuman ng Alaska*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Mahistrado Jude Pate ang mga pamantayan ng pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "**OO**" para sa kanyang pananatili sa panunungkulan. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Mahistrado Jude Pate, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 na boto para sa Pananatili sa Panunungkulan

Itinalaga si Mahistrado Jude Pate sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska noong 1/20/23. Si Mahistrado Pate ay isang hukom sa pag-apela na humahawak ng mga apelang sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan bilang hukom sa posisyong ito.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Mahistrado Jude Pate ang mga pamantayan ng pagganap kaugnay ng kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod si Mahistrado Pate sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado at mga empleyado ng hukuman. Ang mga pagtatasa sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Mahistrado Pate ay nasa antas na napakahusay (4.8) nang pagsamahin ang mga marka mula sa dalawang grupo.

Sinuri ng Konseho ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes ni Mahistrado Pate, kung ang kanyang sahod ay pinigil dahil sa mga naantalang pagpapasya, at ang mga pampublikong talaan ng etika. Walang nakitang anumang alalahanin ang Konseho sa mga aspetong ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Pinamumunuan ni Mahistrado Pate ang Komite sa Kumperensiya para sa mga Bagong Hukom at kasamang pinamumunuan ang Komite sa Edukasyong Panghukuman, mga grupong nagpaplano at nagtuturo sa mga kumperensiya para sa mga hukom. Pinamumunuan niya ang Komite para sa Malusog na Lugar ng Trabaho. Siya ay kasapi ng Komite sa Pagiging Patas, Pagkakaiba-iba, at Pagkakapantay-pantay ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska. Lumahok siya sa maraming gawaing pangkomunidad upang itaguyod ang pampublikong pag-unawa at diyalogo sa pagitan ng hukuman at ng komunidad, lalo na sa mga komunidad sa kanayunan. Itinatag niya ang dalawang-beses-sa-isang-taong hapunan ng mga hukom ng tribo at estado sa Timog-Silangang Alaska, at nilikha niya ang taunang programa ng externship tuwing tag-init para sa mga mag-aaral sa kolehiyo sa Alaska na nagnanais pumasok sa kolehiyo ng abogasya.

Mga Pagtatasa mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Katarungan para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Mahistrado Jude Pate



Isinalang sa antas mula 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Tingnan ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa
www.ajc.state.ak.us

Hukom ng Mataas na Hukuman

Laura Hartz, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 825 W. Fourth Avenue
Anchorage AK 99501

EDAD: 46

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Wheatridge, Colorado

PANGALAN NG ASAWA: Jason Hartz

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Maxwell & James

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 17 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage 2006-2007; 2010-Kasalukuyan.

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Lakeridge (Katibayan ng Pagtatapos, 1998)
Unibersidad ng Gonzaga (B.A., 2001)
Unibersidad ng Oregon, Paaralan ng Abogasiya (J.D., 2005)

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN: Hukuman ng Sirkito ng Lane County, Klerk ng Batas para kay Kagalang-galang na Kip Leonard
Dibisyon ng Batas ng Alaska, Katulong na Abugadong Pangkalahatan
Tanggapan ng Pampublikong Adbokasiya, Katulong na Pampublikong Tagapagtaguyod at itinalagang tagapag-alaga
Hukom ng Mataas na Hukuman ng Anchorage

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Miyembro ng Komite para sa Proyekto sa Pagpapabuti ng Hukuman para sa mga Kaso ng Batang Nangangailangan ng Tulong (CINA)
Tagapangulo ng Pangkat ng Trabaho ng CINA
Miyembro ng Komite para sa Tagumpay sa Loob at Labas

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD:
Asosasyon ng mga Abogado ng Alaska
PTA

MGA NATATANGING INTERES:
Paglalaan ng oras kasama ang pamilya, pagbibisikleta, at pag-iiski sa malalayong distansiya

IBA PA:
Tulad ng maraming taga-Alaska, lumipat ako rito sa pag-aakalang mananatili lamang ako nang isang taon. Minahal ko ang Alaska, at hindi na kinailangang kumbinsihin pa nang husto ang aking asawa, na habang-buhay nang nanirahan sa Alaska, upang manatili rito. Nagpapasalamat kami na dito kami naninirahan at pinalalaki ang aming mga anak.

PAHAYAG:
Mula noong 2023, isang karangalan para sa akin ang maglingkod sa Mataas na Hukuman ng Anchorage. Humahawak ako ng iba't ibang uri ng mga kaso, kabilang ngunit hindi limitado sa: diborsiyo at pag-iingat sa anak, mga usaping pamana, mga pagpasok para sa pangangalaga sa kalusugan ng isip, mga kaso ng Batang Nangangailangan ng Tulong, pangkalahatang paglilitis sa mga kasong sibil, at mga kasong kriminal. Ginagawa ko ang aking makakaya na dumalo sa mga pagdinig nang handa, ipaliwanag ang mga proseso ng hukuman, at makinig nang mabuti sa mga taong sangkot sa mga kasong humaharap sa akin. Nakakaharap ng mga hukom ang mga tao sa pinakamahihirap na araw ng kanilang buhay. Nagsisikap akong tratuhin ang bawat taong pumapasok sa aking silid-hukuman nang may paggalang at dignidad. Masigasig akong nagsisikap na maglabas ng maagap at mahusay na pinag-isipang mga pasya.

Bukod sa aking mga regular na tungkulin, ikinararangal kong mamuno sa Hukuman sa Terapiya ng CINA (CTC). Layunin ng CTC na maiugnay ang mga magulang na sangkot sa OCS na nahihirapan sa pagkalulong sa mga ipinagbabawal na sangkap sa paggamot para sa pag-abuso sa mga ipinagbabawal na sangkap upang ligtas na makabalik sa kanilang tahanan ang kanilang mga anak. Bukod sa paggamot, ang mga magulang na kalahok sa programa ay nakakahanap ng trabaho upang masuportahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya, at habang umuunlad sila sa programa, sila ay nagsisilbing tagapayo ng mga bagong kalahok. Nabibigyan ako ng inspirasyon ng kasipagan at dedikasyon ng mga magulang sa aming programa.

Tunay na isang karangalan ang makapaglingkod sa mga mamamayan ng Ikatlong Distritong Panghukuman. Umaasa akong ipagkakatiwala sa akin ng mga botante ang pagpapatuloy ng mahalagang gawaing ito.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Laura Hartz, *Mataas na Hukuman ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Hartz ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda nito ang pagboto ng "**OO**" para sa kanyang pagpapanatili sa panunungkulan. Bilang pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Hartz, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 5 para sa Pagpapanatili at 1 Hindi Lumahok sa Pagboto

Itinalaga si Hukom Laura Hartz sa Mataas na Hukuman ng Anchorage noong 1/6/2023. Si Hukom Hartz ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong sibil at ilang mga kasong kriminal. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom Laura Hartz ang mga pamantayan sa pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Hartz ay nasa antas na napakahusay (4.7) kapag pinag-isa ang mga marka mula sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konsehong Panghukuman ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom Hartz tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung pinigil ang kanyang suweldo dahil sa mga naantalang desisyon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, ang mga pag-alis sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Wala itong natuklasang anumang alalahanin sa mga larangang ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Si Hukom Hartz ay miyembro ng Proyekto sa Pagpapabuti ng Hukuman ng sistema ng hukuman, isang pangkat na nakatuon sa pagpapabuti ng mga kinalabasan sa mga kaso ng kapakanan ng bata. Nagsisilbi siya sa komite sa pagpaplano para sa kumperensiyang Tagumpay sa Loob at Labas ng sistema ng hukuman, isang programang tumutulong sa mga kababaihang nakulong na muling makabalik sa komunidad. Lumahok siya sa maraming mga kaganapang pangkomunidad at mga pagsasanay upang maisulong ang pag-unawa ng publiko at ang diyalogo sa pagitan ng mga hukuman at ng komunidad.

Mga Rating mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Katarungan at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Laura Hartz



Sinukat sa antas mula 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Makikita ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa
www.ajc.state.ak.us

Hukom ng Mataas na Hukuman

Yvonne Lamoureux, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 825 West 4th Ave., Suite 316
Anchorage, AK 99501

EDAD: 49

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Lancaster, New Hampshire

PANGALAN NG ASAWA: William Finley

PANGALAN NG ANAK: Isabelle

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 22 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Juneau Mayo - Hulyo 2003
Anchorage Hulyo 2004 - kasalukuyan

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Phillips Academy Andover 1995
Kolehiyo ng Columbia, Unibersidad ng Columbia, B.A. 1998
Paaralan ng Abogasiya ng Unibersidad ng Virginia, J.D. 2003

MGA KATUNGKULANG PAMPOLITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Hukom ng Mataas na Hukuman, 2017 - kasalukuyan
Katulong na Abugado ng Estados Unidos, 2010 - 2017
Klerk ng Batas, Mataas na Hukuman ng Anchorage at Hukuman ng Distrito ng Estados Unidos sa Connecticut, 2003-2006

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Katuwang, Stoel Rives LLP, 2008 – 2010
Katuwang, Heller Ehrman LLP, 2006 – 2008
Komite sa Etika ng Asosasyon ng mga Abogado ng Alaska, Komite sa mga Panuntunan ng CINA, Programa sa Pagpapabuti ng Hukuman ng CINA

KASAPIAN SA MGA ORGANISASYONG NAGLILINGKOD: Asosasyon ng mga Abogado ng Alaska, Samahan ng mga Babaeng Abogado ng Anchorage, Pambansang Samahan ng mga Babaeng Hukom, Pangkat na Tagapayo ng Aklatan ng Imahinasyon ng Anchorage (dating miyembro), Paaralang Montessori ng Anchorage (dating miyembro ng Lupon)

MGA NATATANGING INTERES:
Paglalaan ng oras kasama ang pamilya, lalo na ang paglalakad sa kabundukan, pagbabalsa, at pag-iiski

IBA PA:
Naglakbay ako patungong Alaska gamit ang sasakyan kasama ang aking asawa kinabukasan matapos ang aking huling pagsusulit sa paaralan ng batas mahigit 20 taon na ang nakalipas. Nagpapasalamat kaming mag-asawa na dito namin pinalalaki ang aming anak.

PAHAYAG:
Mayroon akong malalim na pagpapahalaga sa pananaig ng batas at sa paglilingkod sa publiko, at ang aking paglilingkod bilang hukom ng mataas na hukuman ay naging lubhang kapaki-pakinabang na gawain. Nagkaroon ako ng pagkakataong maglingkod sa mga mamamayan ng Alaska bilang hukom ng mataas na hukuman. Gustung-gusto ko ang iba't ibang uri ng mga kasong aking hinahawakan, mula sa masalimuot na paglilitis sa mga kasong sibil hanggang sa mga apelang administratibo, mga kaso ng pag-iingat sa anak, mga sapilitang pagpapasok para sa pangangalaga sa kalusugan ng isip, at mga kaso ng Batang Nangangailangan ng Tulong. Masigasig akong nagsisikap na tugunan ang mga usaping nakabinbin sa hukuman. Naniniwala akong napakahalagang maging handa sa bawat pagdinig upang higit na mapaglingkuran ang mga panig sa kanilang mga kaso at mapamahalaan nang mahusay ang malaking dami ng mga kasong aking hinahawakan. Nananatili akong nakatuon sa pagbibigay ng isang lugar kung saan maiharap ng mga panig ang kanilang mga kaso at mapakinggan ang kanilang mga paninindigan. Kinagigiliwan ko ang pananaliksik at pagsusulat na may kaugnayan sa batas, at inilalaan ko ang kinakailangang panahon upang matiyak na lubos kong nauunawaan ang mga naaangkop na batas at mga naunang pasya.

Magkakaiba ang mga tungkulin ng mga hukom sa silid-hukuman depende sa uri ng pagdinig o kaso, lalo na dahil sa napakalawak na uri ng mga kasong aming hinahawakan. Mahalagang mabigyan ng pagkakataong marinig ang mga taong sangkot sa mga kaso, at na mailapat ng mga hukom ang batas nang patas at walang kinikilingan. Nakatuon ako sa maingat at disiplinadong paggawa ng mga pasyang panghukuman. Lubos kong pinahahalagahan ang aking panunumpang itaguyod ang batas at ang aking pangakong makinig sa mga katotohanan at ilapat ang batas nang patas at walang kinikilingan. Isang karangalan para sa akin ang maipagpatuloy ang aking paglilingkod bilang hukom ng mataas na hukuman.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Yvonne Lamoureux, *Mataas na Hukuman ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Lamoureux ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda nito ang pagboto ng "**OO**" para sa kanyang pagpapanatili sa panunungkulan. Bilang pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Lamoureux, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 para sa Pagpapanatili.

Itinalaga si Hukom Yvonne Lamoureux sa Mataas na Hukuman ng Anchorage noong 5/15/2017. Si Hukom Lamoureux ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong sibil at ilang mga kasong kriminal. Ito ang kanyang ikalawang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.


Buod ng Pagganap

Natugunan o nalampasan ni Hukom Yvonne Lamoureux ang mga pamantayan sa pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mg**a hukom, at natuguna**n o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga propesyonal sa serbisyong panlipunan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Lamoureux ay nasa antas na napakahusay (4.6) kapag pinag-isa ang mga marka mula sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konsehong Panghukuman ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom Lamoureux tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung pinigil ang kanyang suweldo dahil sa mga naantalang desisyon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, ang mga pag-alis sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Wala itong natuklasang anumang alalahanin sa mga larangang ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Katuwang na tagapangulo si Hukom Lamoureux ng Proyekto sa Pagpapabuti ng Hukuman ng sistemang panghukuman, isang pangkat na nagsisikap na mapabuti ang mga kinalabasan sa mga kaso ng kapakanan ng bata. Nagsisilbi siya sa komite ng mga Panuntunan ng CINA/Mga Paglabag ng Kabataan ng sistemang panghukuman, isang pangkat na bumubuo, nagsusuri, at nagrerekomenda ng mga pagpapabuti sa mga pamamaraan ng mga kaso ng kabataan para sa Kataas-taasang Hukuman ng Alaska. Bilang miyembro ng Komite ng Kumperensiya para sa mga Bagong Hukom, nagpaplano siya at nagtuturo sa mga kumperensiya para sa mga hukom sa kanilang unang tatlong taon sa panunungkulan. Nagsisilbi rin siya bilang hukom para sa programa ng Maagang Resolusyon ng sistemang panghukuman para sa mga kaso ng batas pampamilya. Siya ay nagsisilbing tagapayo sa mga bagong hukom at nagsisilbi rin sa Komite sa Etika ng Asosasyon ng mga Abogado ng Alaska. Lumahok siya sa maraming mga kaganapan upang maisulong ang pag-unawa ng publiko at ang diyalogo sa pagitan ng mga hukuman at ng komunidad.



Sinukat sa antas mula 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Makikita ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa at **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Mataas na Hukuman

Kelly J. Lawson, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 125 Trading Bay Drive
Suite 100
Kenai AK 99611

EDAD: 49

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Anchorage

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 49

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Cantwell (1977-1987), Anchor Point (1987-1995), Fairbanks (1995-1999, 2003-2006), Nikiski (2007-2019), Kenai (2019-2022), Anchorage (2002-2003, 2022-2023), Kenai (2023 hanggang kasalukuyan)

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Homer - 1995
Unibersidad ng Alaska Fairbanks - 1999
Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng Montana - 2002

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN: Klerk sa Batas, Dan Hensley, 2002-2003; Katulong na Abogado ng Distrito, 2007-2018; Katulong na Pangkalahatang Abogado, 2018-2020, Pangalawang Abogado ng Distrito, 2020-2022, Abogado ng Tanggapan ng mga Karapatan ng Biktima 2022-2023, Hukom ng Mataas na Hukuman 2023-kasalukuyan

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO: Asosasyon ng Bar ng Alaska, Asosasyon ng Bar ng Kenai Peninsula

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Paglalakbay, mga pelikula, pagbabasa, boluntaryo sa Hospice of the Central Peninsula

PAHAYAG:
Ang aking buong karera sa batas ay inilaan sa serbisyong pampubliko. Bilang tagausig, Katulong na Pangkalahatang Abogado, abogado sa Tanggapan ng mga Karapatan ng Biktima, at ngayon bilang Hukom ng Mataas na Hukuman, nagsikap ako nang husto upang tumulong na panatilihing malusog at ligtas ang ating mga komunidad.

Pribilehiyo kong maglingkod bilang Hukom ng Hukuman ng Estado para sa Henu Community Wellness Court, na umuupo kasama ang isang Hukom ng Hukuman ng Tribo mula sa Tribo ng Kenaitze. Ang pag-upo bilang Hukom ng Henu ay nagbibigay ng oportunidad na makipagtulungan nang malapit sa isang nakatalagang pangkat na ang misyon ay tugunan ang mga isyu sa pag-abuso sa substansiya at patuloy na magsikap para sa mas malusog na komunidad.

Natuklasan sa pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ko ang mga pamantayan sa pagganap sa bawat kategoryang sinuri, kabilang ang kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, kasipagan, ugali, at mga kasanayang administratibo. Nananatili akong nakatuon sa paglilingkod sa mga mamamayan ng Alaska nang may propesyonalismo, pagpapakumbaba, at hindi matitinag na dedikasyon sa patas at walang kinikilingang pangangasiwa ng katarungan

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Chris Darnall, *Hukuman ng Distrito ng Anchorage*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Darnall ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda ang pagboto ng "**OO**" para sa pagpapanatili niya sa katungkulan. Bilang pagsasaalang-alang sa pagpapanatili kay Hukom Darnall, bumoto ang Konseho ng Hukuman ng Alaska ng 6 na Panatilihin.

Itinalaga si Hukom Chris Darnall sa Hukuman ng Distrito ng Anchorage noong 7/1/2024. Si Hukom Darnall ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong kriminal at sibil. Ito ang kanyang unang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.

Buod ng Pagganap


Natugunan o nalampasan ni Hukom Chris Darnall ang mga pamantayan sa pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Darnall ay nasa antas na napakahusay (4.6) kapag pinag-isa ang mga marka mula sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konsehong Panghukuman ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom Darnall tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung pinigil ang kanyang suweldo dahil sa mga naantalang desisyon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, ang mga pag-alis sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Wala itong natuklasang anumang alalahanin sa mga larangang ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Tinulungan ni Hukom Darnall ang sistema ng hukuman na tugunan ang mga isyu sa teknolohiya na may kaugnayan sa paggamit ng elektronikong ebidensiya at ng elektronikong sistema ng pamamahala ng mga kaso ng hukuman.

Mga Rating mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Katarungan at mga Hurado para sa "Pangkalahatang" Pagganap sa Trabaho ni Hukom Chris Darnall



Sinukat sa antas mula 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Makikita ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa
www.ajc.state.ak.us

Hukom ng Hukuman ng Distrito

Martin C. Fallon, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: 401 Candlelight Drive
Kenai, AK 99611

EDAD: 64

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Boston, MA

PANGALAN NG ASAWA: Jayne Fallon

MGA PANGALAN NG ANAK: Leah, Gregory, Teresa

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 18 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRAHAN:
Anchorage: 1999 - 2000; Kenai: 2010 - 2012; Palmer: 2012 - 2014; Kenai: 2014 - kasalukuyan

EDUKASYON:
Unibersidad ng Texas sa Austin: 1988-1992, BS sa Inhinyeriyang Kemikal;
Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng Northeastern: 1995-1998, Doctor ng Jurisprudensiya

MGA POSISYONG PAMPULITIKA AT SA PAMAHALAAN: Nagsasanay, Tanggapan ng Pampublikong Pagtataguyod, 1998-1999; Klerk sa Batas, Hukom ng Mataas na Hukuman Eric Sanders, 1999; Katulong na Abogado ng Distrito, 2010-2014; Hukom Mahistrado, 2014-2019; Hukom ng Hukuman ng Distrito, 2019-kasalukuyan

MGA POSISYON SA NEGOSYO AT PROPESYON:
Abogado sa patente, Chevron Corporation, 2001 - 2004; Kaugnay na abogado, Pederson and Co., PLLC, 2000 - 2001

KASAPIAN SA ORGANISASYONG PANGSERBISYO:
Konseho ng Kenai Peninsula College, Miyembro sa Pangkalahatan; Komite sa Pagpaplano ng Kumperensiyang Panghukuman; Asosasyon ng Bar ng Alaska; Asosasyon ng Bar ng Kenai; Club ng mga Lalaki at Babae ng Kenai, boluntaryong tagapagsanay; Mga Larong Pangtaglamig ng Arctic, Koponan ng Alaska - Panghabambuhay na Miyembro

MGA ESPESYAL NA INTERES:
Pamilya, pangingisda, pangangaso, kamping, paglalakad sa kalikasan, pagbibisikleta.

PAHAYAG
Ang paglilingkod sa mga tao ng Ikatlong Distritong Panghukuman ang pinakamalaking karangalan sa aking buhay. Bilang Hukom ng Hukuman ng Distrito, layunin kong bigyan ang bawat indibidwal na humaharap sa akin ng oportunidad na mapakinggan, at tratuhin ang bawat indibidwal nang may katarungan at paggalang. Kung mapanatili, patuloy kong gagampanan ang aking mga tungkulin nang may kasipagan at integridad.

Bilang Hukom, nakita ko kung gaano kahalaga ang papel ng hukuman sa komunidad. Halimbawa, nakipagtulungan ang Hukuman ng Kenai sa Hukuman ng Tribo ng Kenaitze upang buuin ang Hukuman ng Henu' para sa Kagalingan ng Komunidad, na nagbibigay ng mga mapagkukunang kinakailangan upang tugunan ang mga isyu sa pag-abuso sa substansiya. Nakikinabang ang mga nagkasala sa mga programang ito, ngunit nagreresulta rin ang mga ito sa nabawasang pag-uulit ng pagkakasala na nakikinabang sa buong komunidad. Bagama't bihirang makipag-ugnayan ang karamihan ng tao sa hukuman, mahalaga na magbigay ang hukuman ng patas at walang kinikilingang katarungan para sa lahat. Kung mapanatili, patuloy kong bibigyan ang lahat ng humaharap sa akin ng pantay na katarungan sa ilalim ng batas.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska

Judge Martin Fallon, *Hukuman ng Distrito ng Kenai*

Napag-alaman ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska na HINDI natugunan ni Hukom Martin Fallon ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda ang botong “HINDI” sa kanyang pagpapanatili. Sa pagsasaalang-alang sa pagpapanatili ni Hukom Fallon, bumoto ang Konseho ng Hudikatura ng Alaska ng 5 Huwag Panatilihin at 1 Umiwas.

Hinirang si Hukom Martin Fallon sa Hukuman ng Distrito ng Kenai noong 2019. Si Hukom Fallon ay hukom sa hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang ikalawang halalan ni Hukom Fallon para sa pagpapanatili sa hudikatura.

Bakit inirerekomenda ng Konseho ng Hudikatura ng Alaska ang botong “Hindi” kay Hukom Martin Fallon?

Napag-alaman ng Konseho na hindi natugunan ni Hukom Fallon ang mga pamantayan sa pagganap na may kaugnayan sa integridad, at kasipagan at mga kasanayan sa pangangasiwa.

Dapat tapusin ng mga hukom ang lahat ng usaping panghukuman nang maagap at mahusay. Noong 2024, pampublikong pinagsabihan ng Korte Suprema ng Alaska si Hukom Fallon dahil hinayaan niyang manatiling hindi napagpapasyahan ang dalawang usapin nang mahigit anim na buwan. Napag-alaman ng korte suprema na nabigo siyang pagpasyahan ang mga usaping ito sa napapanahong paraan, lumagda siya sa tatlong apidabit sa suweldo na dapat ay alam niyang hindi tumpak, at ginawa niya ito pagkatapos na dalhin ng isa pang hukom sa kanyang pansin ang isang usaping lampas na sa takdang panahon. Nagpasya ang korte suprema na nilabag ng asal ni Hukom Fallon ang mga pamantayan ng etikal na asal para sa mga hukom.

Sa sumunod na taon, noong 2025, ipinagkait ang suweldo ni Hukom Fallon dahil mayroon siyang usaping nakabinbin sa harap niya nang mas mahaba sa anim na buwan.

Natagpuan ng Konseho ng Hudikatura ang malalaking kakulangan sa mga kasanayan ni Hukom Fallon sa organisasyon at pangangasiwa at sa kanyang pagiging maagap, sa antas na nakahadlang sa mahusay na pangangasiwa ng katarungan at sa tiwala ng publiko sa mga hukuman. Ang konklusyong ito ay batay sa mga pampublikong file sa etika, ang Utos para sa Pampublikong Pagsaway mula sa Korte Suprema ng Alaska, mga talaan ng suweldo, impormasyon mula sa mga abogado at empleyado ng hukuman, at isang panayam kay Hukom Fallon.


Ano ang iba pang mga natuklasan sa pagsusuri para kay Hukom Fallon?

Nagsarbey ang Konseho ng Hudikatura sa mga abogado, empleyado ng hukuman, opisyal ng kapayapaan, at hurado. Ang mga marka sa sarbey sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Fallon ay nasa mahusay na antas (4.2) nang kunin ang karaniwan sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konseho ang mga pahayag ni Hukom Fallon sa pananalapi at pagsisiwalat ng salungatan ng interes, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas matataas na hukuman ang kanyang mga desisyon, at mga pagkakadiskwalipika mula sa mga kaso. Walang natagpuang usaping dapat ikabahala ang Konseho sa mga bahaging ito. Natugunan niya ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Korte Suprema ng Alaska.

Naglilingkod si Hukom Fallon sa isang komite ng sistema ng hukuman na nagpaplano ng taunang kumperensiyang panghukuman, at nag-host siya ng mga grupo ng estudyante para sa paglilibot sa hukuman ng Kenai.

Mga Marka mula sa mga Propesyonal sa Sistema ng Katarungan at mga Hurado para sa “Pangkalahatang” Pagganap sa Trabaho ni Hukom Martin Fallon



Minarkahan sa sukat mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Hanapin ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

Hukom ng Hukuman ng Distrito

Shawn Traini, **Ikatlong Distritong Panghukuman**



ADRES SA KOREO: Palmer Courthouse
435 S. Denali St.
Palmer, AK 99645

EDAD: 55

LUGAR NG KAPANGANAKAN: Grissom Air Force Base, Indiana

PANGALAN NG ASAWA: Kelley A. Traini

MGA PANGALAN NG MGA ANAK: Alex, Madison, & Brandon

TAGAL NG PANINIRAHAN SA ALASKA: 44 taon

MGA KOMUNIDAD SA ALASKA NA TINIRHAN:
Anchorage/Eagle River 1971-1994
Palmer/Wasilla 2007 - Kasalukuyan.

EDUKASYON:
Mataas na Paaralan ng Bartlett
Unibersidad ng Alaska Anchorage
Unibersidad ng Estado ng Utah
Kolehiyo ng Abogasiya ng Unibersidad ng Utah

MGA KATUNGKULANG PAMPOLITIKA AT PAMPAMAHALAAN:
Hukom ng Hukuman ng Distrito 2020-kasalukuyan
Katulong na Abugado ng Distrito 2007-2019; Katulong na Abugado ng Munisipyo 2007; Katuwang na Tagausig 2001-2007; Katuwang na Pampublikong Tagapagtanggol 1999-2001

MGA KATUNGKULANG PANGNEGOSYO AT PROPESYONAL:
Hukom ng Palmer Wellness Court
Hukom na Tagapagsanay para sa mga Hukom Mahistrado
Komite sa Pagpaplano ng Kumperensiya ng mga Hukom Mahistrado

MGA NATATANGING INTERES:
Paglalaan ng oras kasama ang mga apo, pagbabasa, pangingisda, at pagluluto ng cheesecakes.

PAHAYAG:
Bilang isang hukom, namuno ako sa iba't ibang uri ng mga kaso, kabilang ang mga usaping kriminal, mga alitang sibil, mga usapin sa pagitan ng may-ari at umuupa, at mga kasong may maliliit na paghahabol. Inihanda ako ng karanasang ito upang pamahalaan ang malaking bilang at iba't ibang uri ng mga kasong hinahawakan habang tinitiyak na ang bawat kaso ay nabibigyan ng maingat at natatanging pansin.

Nakatuon ako sa patas, walang kinikilingan, at pare-parehong pagpapatupad ng Saligang Batas at mga batas ng Alaska. Sa bawat kaso, maingat akong nakikinig sa lahat ng panig, masusing sinusuri ang ebidensiya, at naglalabas ng mahusay na pinag-isipang mga pasya. Kinikilala kong ang bawat taong humaharap sa hukuman ay nasa isang mahalagang yugto ng kanilang buhay, at tinatrato ko ang lahat nang may dignidad, paggalang, at pagkamagalang.

Sa mga kasong kriminal, nagsisikap akong mapanatili ang balanse sa pagitan ng pananagutan, kaligtasan ng publiko, at mga pagkakataon para sa rehabilitasyon. Sa mga usaping sibil, nakatuon ako sa mga pasyang makatarungan, malinaw, at nakabatay sa batas. Nagsisikap din akong tiyakin na ang mga pamamaraan at mga pasya ng hukuman ay nauunawaan at madaling maabot ng lahat, kabilang ang mga walang legal na kinatawan.

Bukod sa aking mga regular na tungkulin, nagsilbi ako sa mga tungkuling nakatuon sa terapiya at sa komunidad, kabilang ang Palmer Wellness Court, na nakatulong sa maraming indibidwal na mapagtagumpayan ang pagkalulong at muling mabuo ang kanilang mga buhay. Lumahok din ako sa edukasyong panghukuman at pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pamamagitan ng mga lokal na programa para sa kabataan.

Isang karangalan para sa akin ang makapaglingkod sa mga mamamayan ng Alaska bilang isang hukom. Nananatili akong nakatuon sa patas, walang kinikilingan, at may integridad na pangangasiwa ng katarungan. Ikararangal kong maipagpatuloy ang paglilingkod sa Estado ng Alaska.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.

Pagsusuri ng Konsehong Panghukuman ng Alaska

Hukom Shawn D. Traini, *Hukuman ng Distrito ng Palmer*

Natuklasan ng Konsehong Panghukuman ng Alaska na natugunan o nalampasan ni Hukom Traini ang mga pamantayan sa pagganap at inirerekomenda nito ang pagboto ng "**OO**" para sa kanyang pagpapanatili sa panunungkulan. Bilang pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa panunungkulan ni Hukom Traini, bumoto ang Konsehong Panghukuman ng Alaska ng 6 para sa Pagpapanatili.

Itinalaga si Hukom Shawn D. Traini sa Hukuman ng Distrito ng Palmer noong 12/6/2019. Si Hukom Traini ay isang hukom ng hukuman sa paglilitis na humahawak ng mga kasong kriminal at sibil. Ito ang kanyang ikalawang halalan para sa pagpapanatili sa panunungkulan.


Buod ng Pagganap

Natugunan o nalampasan ni Hukom Shawn D. Traini ang mga pamantayan sa pagganap na may kaugnayan sa kakayahang legal, integridad, walang kinikilingan, pagiging patas, ugali, kasipagan, at mga kasanayang administratibo. Sumunod siya sa mga kinakailangan sa pampublikong pagsisiwalat, sumunod sa mga pamantayan ng etikal na pag-uugali para sa mga hukom, at natugunan o nalampasan ang mga kinakailangan sa edukasyon na itinakda ng Kataas-taasang Hukuman ng Alaska.

Mga Natuklasan sa Pagganap: Sinarbey ng Konsehong Panghukuman ang mga abogado, mga empleyado ng hukuman, mga opisyal ng kapayapaan, at mga hurado. Ang mga marka sa sarbey para sa pangkalahatang pagganap ni Hukom Traini ay nasa antas na napakahusay (4.6) kapag pinag-isa ang mga marka mula sa lahat ng grupo.

Sinuri ng Konsehong Panghukuman ang iba pang mga sukatan ng pagganap, kabilang ang mga pahayag ni Hukom Traini tungkol sa pananalapi at salungatan ng interes, kung pinigil ang kanyang suweldo dahil sa mga naantalang desisyon, kung gaano kadalas pinagtibay ng mas mataas na mga hukuman ang kanyang mga desisyon, ang mga pag-alis sa mga kaso, at mga pampublikong talaan ng etika. Wala itong natuklasang anumang alalahanin sa mga larangang ito.

Pangako sa pangangasiwa ng katarungan at sa komunidad: Nagsisilbi si Hukom Traini bilang Hukom na Tagapagsanay para sa mga hukom mahistrado sa kanyang lugar. Miyembro siya ng isang pangkat ng trabaho na binuo upang mapataas ang kahusayan ng Hukuman ng Palmer. Bukod dito, nagsisilbi siya sa Palmer Wellness Court, isang hukuman sa terapiya na nag-aalok ng masinsinang paggamot para sa pag-abuso sa mga ipinagbabawal na sangkap at pangangasiwa ng komunidad upang suportahan ang pag-iwas sa paggamit ng mga ipinagbabawal na sangkap at ang paggaling ng mga indibidwal na nagnanais mapagtagumpayan ang matinding pagkalulong.



Sinukat sa antas mula 5 (napakahusay) hanggang 1 (mahina). Tingnan ang buong pagsusuri ng hukom na ito sa www.ajc.state.ak.us

Makikita ang buong pagsusuri sa pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

GUMAWA NG PLANO SA PAGBOTO

Koreo? Maaga? Sa Araw ng Halalan?

ALAMIN KUNG SAAN PUPUNTA. ALAMIN KUNG KAILAN PUPUNTA. ALAMIN ANG MGA TAKDANG PANAHON.



ALASKA DEMOCRATS



Ano ang nasa iyong talaan?

- □ Sawang-sawa ka na ba sa mga politikong yumayaman habang lalo namang nahihirapan ang iyong pamilya?
- □ Naniniwala ka ba na karapat-dapat ang mga manggagawa sa makatarungang sahod, ligtas na trabaho, at kalayaang magtatag ng mga samahan?
- □ Nais mo bang mapigilan ang patuloy na pagtaas ng mga bayarin sa enerhiya at mailagay ang abot-kayang enerhiya sa kamay ng bawat Alaskan?
- □ Naniniwala ka ba na dapat nating suportahan ang ating mga anak at bigyan sila ng bawat pagkakataong umunlad?
- □ Naniniwala ka ba na ang bawat Alaskan ay may karapatan sa pagkapribado at kalayaan sa pagpili?
- □ Nais mo bang ang mga susunod na salinlahi ay manatili at makabuo ng buhay rito?
- □ Naniniwala ka ba na mahalaga ang bawat boto at ang demokrasya ay nararapat na pangalagaan?
- □ Nais mo bang pigilan ang pamahalaang pederal sa pakikialam sa ating mga halalan?

Kung oo ang sagot, maaaring kasama ka namin.

Umiiral ang partidong Demokratiko ng Alaska upang unahin ang Alaska. Dapat suportahan ng ating mga inihalal na pinuno ang mga taong naninirahan, nagtatrabaho, at bumubuo ng mga pamilya rito. Higit sa lahat, ang mga Alaskan ang dahilan kung bakit natatangi ang estadong ito.

Matuto pa sa ALASKADEMOCRATS.ORG

Binayaran ng Partidong Demokratiko ng Alaska. Hindi pinahintulutan o inaprubahan ng sinumang kandidato o komite ng sinumang kandidato.
P.O. Box 240207, Anchorage, Alaska, 99524. (907) 258 - 3050. Tagapangulo Eric Croft. Ingat-yaman Monica Southworth.

PILIIN ANG KALAYAAN. BUMOTO NG REPUBLIKANO.

MGA TRABAHO AT ANG EKONOMIYA

Naniniwala ang mga Republikano sa isang matatag at may iba't ibang pinagmumulan na ekonomiya na nakabatay sa malayang pamilihan, matatag na etika sa pagtatrabaho, ligtas na mga lugar ng trabaho, isang mahusay na sinanay at may pinag-aralang lakas-paggawa, at pagkakaroon ng access sa mga yaman.

MGA LIKAS NA YAMAN

Sinusuportahan at ipinagtatanggol namin ang aktibong pamamahala, pagkakaroon ng access sa, at makatwirang mga insentibo para sa responsableng pagpapaunlad at paggamit ng lahat ng likas na yaman ng Alaska, alinsunod sa itinatadhana ng Konstitusyon ng Alaska.

EDUKASYON

Sinusuportahan ng mga Republikano ang pagkakaroon ng access sa de-kalidad na edukasyon, pagpili at kontrol ng mga magulang, kompetisyon, at pananagutan, habang isinusulong ang iba't ibang pagkakataon sa edukasyon at karera para sa ating mga kabataan.

KALUSUGAN AT PAMILYA

Sinusuportahan ng mga Republikano ang mga patakarang nagpapaliit sa pakikialam ng pamahalaan sa pamilya. Sinusuportahan namin ang mga magulang bilang may pangunahing pananagutan para sa kalusugan at kapakanan ng kanilang mga anak.

HUDIKATURA, BATAS, AT KRIMEN

Naniniwala kami sa isang sistemang panghukuman na nakabatay sa orihinalismo, na nangangahulugang ang pagpapakahulugan ng hudikatura sa Konstitusyon ng Estados Unidos ay dapat na mahigpit na sumunod sa orihinal na layunin ng mga nagsulat nito.

BUHAY

Naniniwala kami sa pagprotekta sa inosenteng buhay.

PAMBANSANG DEPENSA

Sinusuportahan ng mga Republikano ang kapayapaan sa pamamagitan ng lakas, na may pagtitiwalang ang isang malakas na sandatahang militar ay nakatutulong upang matiyak ang isang malayang Estados Unidos.

MGA KARAPATANG KONSTITUSYONAL

Naniniwala ang mga Republikano na ang wastong tungkulin ng pamahalaan ay protektahan ang mga di-maaalis na karapatan ng bawat Amerikano at Alaskano, gaya ng nakasaad sa mga Konstitusyon ng Estados Unidos at Alaska.

MGA USAPIN NG MGA BETERANO

Sinusuportahan namin ang lahat ng kasalukuyang naglilingkod o naglingkod sa ating bansa at nangangako kaming susuportahan sila at ang kanilang mga pamilya.

ALASKA REPUBLICANS

WWW.ALASKAGOP.NET

Carmela Warfield, Tagapangulo
Kevin Fimon, Ingat-Yaman

BINAYARAN NG PARTIDO REPUBLIKANO NG ALASKA, PO BOX 110707, ANCHORAGE, AK 99511. HINDI ITO PINAHINTULUTAN O INAPRUBAHAN NG SINUMANG KANDIDATO O NG KOMITE NG KANDIDATO.

Alaska LIBERTARIAN PARTY

LAHAT NG IYONG MGA KALAYAAN **SA LAHAT NG ORAS**

Sa loob ng mahigit kalahating siglo, ang misyon ng Partidong Libertaryano ng Alaska ay mag-alok sa mga botante ng Alaska ng mas mabuting alternatibo sa sistemang may dalawang partido na tinatawag na "mas mabuti sa dalawang hindi kanais-nais na pagpipilian."

Ang Partidong Libertaryano ang tanging partidong pampulitika sa buong bansa na kinikilala na ikaw ang pinakamainam na tao upang gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa iyong negosyo, iyong pamilya, at iyong buhay. Sa pagsasagawa, nangangahulugan ito ng paghahanay ng mga kandidato na nagtataguyod ng mga patakarang nagbibigay-daan sa mga Alaskan na mapanatili ang mas malaking bahagi ng kanilang pinaghirapang kita; itaguyod ang kalayaan sa pagpili ng paaralan upang bigyang-kapangyarihan ang mga magulang at mag-aaral; at isulong ang pagbabawas ng regulasyon sa antas ng pederal, estado, at lokal upang hikayatin ang inobasyon at pagnenegosyo.

Sa pagtataguyod ng mga pagpapahalagang ito, layunin ng Partidong Libertaryano ng Alaska na bumuo ng isang kinabukasan kung saan ang pagkakaiba-iba ng pag-iisip at pagkilos ay hindi lamang pinahihintulutan, kundi ipinagdiriwang. Naniniwala kami na kapag malaya ang mga tao na isakatuparan ang kanilang mga hilig at interes, makikinabang ang buong estado sa pagkamalikhain, kasaganaan, at katatagang bunga nito.

IPINAGLALABAN NAMIN

Ang Buong PFD

Ang pormula ng PFD na itinakda ng batas ay batas, hindi mungkahi. Taun-taon, nagpapatupad ang mga mambabatas ng mas marami pang batas na dapat sundin ng mga Alaskan, ngunit binabalewala nila ang batas na namamahala sa sarili nilang dibidendo. Ibigay ito nang buo.

Labis na Panghihimasok ng Pamahalaang Pederal at Integridad ng Halalan

Walang utos ng pamahalaang pederal nang walang pahintulot ng Alaska. Ang mga kinakailangan sa patunay ng pagkamamamayan, paglilinis ng talaan ng mga botante, at pakikilahok ng FBI sa mga halalan ng estado ay sumusunod sa iisang padron: Nagpapasya ang Washington, sumusunod ang Alaska. Tinatanggihan namin iyon.

Soberanya sa Lupa at mga Likas na Yaman

Pag-aari ng pamahalaang pederal ang 61% ng Alaska: 222 milyong acre, at sinusubukan ng mga burukrata ng pamahalaang pederal na itali ang natitira sa pamamagitan ng labis na burukrasya. Ang mga pagpapasya tungkol sa lupa at mga likas na yaman ng Alaska ay nararapat gawin sa Alaska.

Reporma sa Pagsubaybay at Pulisya

Dito nagtatapos ang labag sa Saligang Batas na pagsubaybay sa loob ng bansa. Ang mga kamerang Flock na sumusubaybay sa mga inosenteng tao at ang pagpapatupad ng mga krimeng walang biktima ay lumalabag sa mga karapatan sa pagkapribado. Ang pagkapribado ay hindi pribilehiyong ipinagkakaloob ng pulisya; ito ay iyong karapatan mula pa sa kapanganakan.

Pagtatanggol sa Sarili

Ang bawat tao ay may likas na karapatang ipagtanggol ang buhay, kalayaan, at ari-arian. Kabilang dito ang pagmamay-ari at pagdadala ng anumang armas na kinakailangan upang magawa ito.

Pananagutan ng Pamahalaan

Ang mga tuntunin ay dapat pantay na ipatupad sa lahat, kabilang ang mga mambabatas. Noong nakaraang sesyon, nagpasa ang Juneau ng 115 bagong batas at gumastos ng $900,000 para sa isang espesyal na sesyon, samantalang isang barberya sa Anchorage ang pinagmulta sa ilalim ng isang batas noong dekada 1980 dahil sa pagbibigay ng libreng inumin. Ang piling pagpapatupad ng batas ay nagsisilbi sa kapangyarihan, hindi sa katarungan.

Mag-scan upang sumali sa amin online!

O hanapin kami sa **AKLP.org**

Facebook.com/AKLibertarians

@AKLibertarians

@AlaskaLP

@AlaskaLibertarianParty

Binayaran ng Partidong Libertaryano ng Alaska 200 W 34th Ave #543 Anchorage, AK 99503 Tagapangulo: Nick Conrad, Ingat-yaman: Chris Poirot

PANGANGALAGA PARA SA ALASKA, MULA SA ALASKA

Limampung taon na ang nakalipas, pinili ng mga taga-Alaska na maglaan ng bahagi ng yaman ng estado na nagmumula sa mga likas na yaman at ipuhunan ito para sa mga susunod na henerasyon. Ang botong iyon ang lumikha sa Permanenteng Pondo ng Alaska.

ANG 1976 BOTO
75,588 OO | **38,518** HINDI
Mga Henerasyon ng Halaga


ARTIKULO IX, SEKSYON 15 NG SALIGANG BATAS NG ALASKA
Permanenteng Pondo ng Alaska

Hindi bababa sa dalawampu't limang porsiyento ng lahat ng mga upa sa pagpapaupa ng mga karapatan sa mineral, mga royalty, mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga royalty, mga kabayaran sa pagbabahagi ng kita mula sa mga mineral ng pederal na pamahalaan, at mga bonus na natanggap ng Estado ay dapat ilagak sa isang permanenteng pondo, na ang prinsipal ay dapat gamitin lamang para sa mga pamumuhunang lumilikha ng kita na partikular na itinalaga ng batas bilang karapat-dapat na mga pamumuhunan para sa permanenteng pondo. Ang lahat ng kita mula sa permanenteng pondo ay dapat ideposito sa pangkalahatang pondo maliban kung iba ang itinatadhana ng batas.

MAIPAGMAMALAKI NG MGA TAGA-ALASKA ANG KANILANG NABUO

Ang Permanenteng Pondo ng Alaska ay nilikha upang gawing isang pangmatagalang mapagkukunang pinansyal para sa mga henerasyon ng mga taga-Alaska ang bahagi ng may hangganang yaman ng Alaska na nagmumula sa mga likas na yaman. Ang paunang deposito ng royalty na $734,000 ay lumago at naging isang pampublikong ari-arian na nagkakahalaga ng $91.9 bilyon noong Hunyo 30, 2026. Sinusuportahan ng Pondo ang mga dibidendo, mga pampublikong serbisyo, at ang pangmatagalang kinabukasang pinansyal ng Alaska.

MGA HALAGA NG PONDO AT MGA KITA MULA SA PAMUMUHUNAN



MGA BALANSE NG KWENTA

Hindi Na-audit (sa milyon)		Hunyo 30, 2026	Hunyo 30, 2025
Mga Ari-arian			
Salapi at pansamantalang mga pamumuhunan	$	**3,644.7**	3,797.3
Mga Dapat Tanggapin at iba pang mga ari-arian		**1,694.5**	689.9
Mga Pamumuhunan			
Nabibiling mga utang na seguridad sa pamumuhunan		**18,378.2**	15,987.5
Mga preperensyal at karaniwang sapi		**32,500.0**	28,373.0
Ari-arian		**8,275.9**	9,292.0
Ganap na kita		**7,200.6**	5,836.8
Pribadong kredito		**2,651.0**	2,760.8
Pribadong sapi		**15,026.9**	14,875.2
Imprastraktura		**4,089.2**	4,428.2
Kabuuang mga pamumuhunan		**88,121.8**	81,553.5
KABUUANG MGA ARI-ARIAN	$	**93,461.0**	86,040.7
Mga Pananagutan			
Mga kwentang dapat bayaran	$	**1,518.9**	909.6
Kitang maipamamahagi sa Estado ng Alaska		**41.1**	31.3
KABUUANG MGA PANANAGUTAN	$	**1,560.0**	940.9
Mga Balanse ng Pondo			
Hindi magagasta			
Korpus ng Permanenteng Pondo – mga kontribusyon at mga paglalaan		**59,389.6**	58,854.5
Hindi natantong pagtaas ng halaga ng mga ipinuhunang ari-arian		**14,354.2**	13,642.2
Kabuuang hindi magagasta		**73,743.8**	72,496.7
Kwenta ng Reserba ng Kita Itinalaga			
Paglalaan ng Pangkalahatang Pondo		**3,996.9**	3,798.9
Kabuuang committed		**3,996.9**	3,798.9
Itinalaga para sa mga paglalaan sa hinaharap			
Natantong kita		**10,626.0**	6,432.6
Hindi natantong pagtaas ng halaga ng mga ipinuhunang ari-arian		**3,534.3**	2,371.6
Kabuuang itinalaga para sa mga paglalaan sa hinaharap		**14,160.3**	8,804.2
Kabuuang kwenta ng reserba ng kita		**18,157.2**	12,603.1
KABUUANG MGA BALANSE NG PONDO		**91,901.0**	85,099.8
KABUUANG MGA PANANAGUTAN AT MGA BALANSE NG PONDO		**93,461.0**	86,040.7

BINUO MULA SA MGA LIKAS NA YAMAN NG ALASKA. IPINUHUNAN PARA SA KINABUKASAN NG ALASKA.

Sa loob ng 50 taon, tinupad ng Pondo ang isang simple ngunit makapangyarihang layunin: ang mag-ipon, mamuhunan, at palaguin ang yaman ng Alaska mula sa mga likas na yaman para sa kapakinabangan ng kasalukuyan at mga susunod na henerasyon.

$59.4B **Mga kita mula sa mga likas na yaman ang mga kita mula sa langis, gas, at pagmimina na $20.8B, kasama ang proteksiyon laban sa implasyon at iba pang mga paglalaan na $38.6B mula sa Lehislatura,** ay inilalagak sa Prinsipal na pinangangalagaan ng Saligang Batas at ipinupuhunan sa isang pandaigdigang sari-saring portfolio na idinisenyo upang makalikha ng mga pangmatagalang kita.

$14.6B **Natantong kita mula sa pamumuhunan** ay inilalagak sa kwenta ng Reserba ng Kita, kung saan maaari itong ilaan ng Lehislatura upang magbigay ng proteksiyon laban sa implasyon para sa Prinsipal at suportahan ang taunang pagkuha batay sa Porsiyento ng Halaga sa Merkado (POMV). Noong FY26, ang pagkuha ng POMV na $3.8B ay bumuo ng halos 60% ng hindi pinaghihigpitang kita ng pangkalahatang pondo ng Alaska, na higit sa doble ng bahagi mula sa langis at gas.

$17.9B **Hindi natantong pagtaas ng halaga** sa Prinsipal na $14.4B at kwenta ng Reserba ng Kita na $3.5B ay sumasalamin sa mga pagbabago sa halaga ng mga ari-arian.

MGA PAHAYAG NG MGA KITA, MGA GASTUSIN, AT MGA PAGBABAGO SA MGA BALANSE NG PONDO Mon

Hindi na-audit (*sa milyon*)	Month Ended June 30, 2026	Katapusan ng Taong Piskal June 30, 2026	Katapusan ng Taong Piskal June 30, 2025
Mga Kita			
Interes	$ 67.0	761.4	677.3
Mga Dibidendo	60.7	564.6	617.7
Ari-arian at iba pang kita	87.2	704.0	702.0
Kabuuang interes, mga dibidendo, ari-arian, at iba pang kita	214.9	2,030.0	1,997.0
Netong pagtaas (pagbaba) sa patas na halaga ng mga pamumuhunan:			
Nabibiling mga utang na seguridad sa pamumuhunan	(66.0)	(49.0)	505.2
Mga preperensyal at karaniwang sapi	32.8	6,092.9	3,963.4
Ari-arian	(30.2)	(157.4)	45.0
Ganap na kita	137.9	862.5	432.7
Pribadong kredito	37.5	18.0	56.3
Pribadong sapi	335.9	1,197.2	785.3
Imprastraktura	20.2	245.3	544.3
Mga instrumentong deribatibo	55.8	149.2	(99.6)
Salapi	(64.4)	(98.5)	(229.7)
Kabuuang netong pagtaas (pagbaba) sa patas na halaga ng mga pamumuhunan	459.5	8,260.2	6,002.9
KABUUANG MGA KITA	$ 674.4	10,290.2	7,999.9
Mga Gastusin			
Mga gastusin sa pagpapatakbo	$ (13.7)	(173.2)	(152.6)
Iba pang mga paglalaan ng Lehislatura	-	(10.9)	(10.4)
KABUUANG MGA GASTUSIN	$ (13.7)	(184.1)	(163.0)
Labis (kakulangan) ng mga kita kaysa sa mga gastusin	$ 660.7	10,106.1	7,836.9
Iba pang mga Pinagmumulan (Paggamit) ng Pagpopondo			
Mga paglipat papasok	88.7	535.1	488.7
Pangkalahatang Pondo na itinalaga	228.9	-	-
Mga paglipat palabas	(270.0)	(3,840.0)	(3,688.6)
NETONG PAGBABAGO SA MGA BALANSE NG PONDO	$ 708.3	6,801.2	4,637.0
Mga Balanse ng Pondo			
Simula ng panahon	91,192.7	85,099.8	80,462.8
Katapusan ng panahon	$ 91,901.0	91,901.0	85,099.8

Statutory Income Calculation			
Excess (deficiency) of revenues over (under) expenditures	$ 660.7	10,106.1	7,836.9
Adjustments to bring net income to statutory net income: Unrealized (gains) losses	526.1	(1,874.7)	(1,939.8)
Alaska Capital Income Fund realized income	(5.9)	(41.1)	(31.3)
STATUTORY NET INCOME (LOSS)	$ 1,180.9	8,190.3	5,865.8

IPINUHUNAN SA BUONG MUNDO. PINAMAMAHALAAN PARA SA MGA HENERASYON.

Ang Permanenteng Pondo ng Alaska ay pinamamahalaan bilang isang pandaigdigang sari-saring portfolio ng pamumuhunan, na ipinuhunan sa walong uri ng mga ari-arian sa pampubliko at pribadong mga pamilihan at idinisenyo upang mapalaki ang mga pangmatagalang kita na iniakma sa panganib para sa kasalukuyan at mga susunod na henerasyon ng mga taga-Alaska.

Sa nakalipas na 50 taon, umunlad ang Pondo kasabay ng pandaigdigang mga pamilihan ng pamumuhunan, pinalawak ang mga oportunidad nito sa pamumuhunan, pinalakas ang katatagan nito, at pinahusay ang kakayahan nitong mapanatili at mapalago ang yaman ng Alaska mula sa mga likas na yaman sa paglipas ng panahon.

Sa pamamagitan ng disiplinadong pangangalaga at propesyonal na pamamahala sa pamumuhunan, tinutulungan ng APFC na gawing pangmatagalang halagang pinansyal para sa mga henerasyon ang bahagi ng may hangganang yaman ng Alaska na nagmumula sa mga likas na yaman.

MGA KITA MULA SA PAMUMUHUNAN NA NAGTATRABAHO PARA SA ALASKA

Sinusuportahan ang Kasalukuyan at Pinalalakas ang Kinabukasan

TOTAL RETURN
Since Inception
$119,861,000,000

PAID TO CURRENT GENERATIONS
42.9% | $51.4B

FOR FUTURE GENERATIONS
57.1% | $68.4B

Sa loob ng 50 taon, ang $20.8 bilyon sa mga deposito ng kita mula sa mga likas na yaman na nagmula sa langis, gas, at pagmimina ay ginawang $119.8 bilyon sa pinagsama-samang kita mula sa pamumuhunan sa pamamagitan ng disiplinadong pamumuhunan. Ipinakikita nito na ang halaga ng Pondo ay pangunahing nagmula sa paglago ng pamumuhunan—hindi lamang sa mga deposito. Mula nang ito ay itatag, 42.9% ng mga kitang iyon ay nakinabang ang kasalukuyang mga henerasyon sa pamamagitan ng mga dibidendo at mga pampublikong serbisyo. Ang natitirang 57.1% ay nanatiling ipinuhunan o inilaan sa Prinsipal para sa proteksiyon laban sa implasyon, na tumutulong na mapanatili at mapalago ang Pondo para sa mga susunod na henerasyon ng mga taga-Alaska.



Ang pagpiling ginawa ng mga taga-Alaska noong 1976 ay lumikha ng pangmatagalang halaga na patuloy na nagbibigay ng mga dibidendo para sa mga taga-Alaska at sumusuporta sa mga pampublikong serbisyo sa kasalukuyan. Sa unang 50 taon nito, ang Pondo ay:

- Ginawang isang permanenteng pinansyal na ari-arian ang bahagi ng yaman ng Alaska mula sa langis upang palakasin ang kinabukasang pinansyal ng Alaska.
- Lumago mula sa mga unang deposito nito hanggang sa mahigit $91.9 bilyon sa pamamagitan ng disiplinado at pangmatagalang pangangalaga.
- Pinalitan ang mga tradisyonal na kita mula sa langis at gas bilang pangunahing pinagmumulan ng hindi itinalagang kita ng pangkalahatang pondo ng Alaska sa pamamagitan ng taunang mga pagkuha mula sa Pondo.
- Nakinabang ang mga taga-Alaska sa kasalukuyan habang pinananatili ang halaga para sa hinaharap.

APFC

PAMUMUHUNAN PARA SA ALASKA

Binuo mula sa mga likas na yaman ng Alaska at ginagabayan ng pananaw para sa mga henerasyon, ang Permanenteng Pondo ng Alaska ay ipinupuhunan upang mapakinabangan ng mga taga-Alaska sa kasalukuyan at sa hinaharap.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG **APFC.ORG**

Ang balanse ng kwenta at pahayag ng kita ng Pondo ay kasama sa Opisyal na Polyeto ng Halalan ayon sa hinihingi ng AS 37.13.170

KOMISYON SA MGA PAMPUBLIKONG TANGGAPAN NG ALASKA

BAKIT UMIIRAL ANG APOC?

Ang misyon ng APOC ay hikayatin ang pagtitiwala ng publiko sa kanilang mga inihalal at hinirang na mga pampublikong opisyal sa pamamagitan ng pangangasiwa at pagpapatupad ng mga batas ng Alaska hinggil sa pagsisiwalat at paglalathala ng impormasyong pampinansyal tungkol sa mga kampanya sa halalan, mga pampublikong opisyal, mga lobista, at mga nagpapatrabaho sa mga lobista.

MGA BATAS NA IPINATUTUPAD NG APOC

Pinangangasiwaan at ipinatutupad ng APOC ang apat na batas sa pagsisiwalat: AS 15.13 Pagsisiwalat ng Kampanya, AS 24.45 Paglo-lobby, AS 39.50 Pagsisiwalat ng Pampinansyal na Impormasyon ng Pampublikong Opisyal, at AS 24.60 Pagsisiwalat ng Pampinansyal na Impormasyon ng Lehislatura. Inaatasan ng mga batas na ito ang pagsisiwalat ng impormasyong nagbibigay-daan sa mga mamamayan na matunton ang impluwensya ng mga pribadong interes sa paggawa ng mga pampublikong pagpapasya. Ang pagsisiwalat na ito ay nakatutulong na limitahan ang natatanging impluwensya sa pamamagitan ng pagbubunyag ng mga espesyal na interes at paglalantad ng mga salungatan ng interes. Ang mga batas na ito ay idinisenyo upang paunlarin ang pananagutan sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay sa publiko ng access sa impormasyon upang masuri ang mga kwalipikasyon at pagganap ng mga pampublikong opisyal at mga kandidato para sa mga pampublikong tanggapan. Ang mga ulat ng pagsisiwalat na isinumite sa APOC ay mga pampublikong rekord.

SINO ANG KOMISYON?

Ang dalawang partidong pampulitika o mga grupong pampulitika na may pinakamalaking bilang ng mga rehistradong botante sa panahon ng pinakahuling halalan para sa gobernador ay bawat isa ay naghihirang ng dalawang miyembro ng komisyon. Ang apat na miyembro ay naghihirang ng ikalimang miyembro mula sa mga aplikante mula sa pangkalahatang publiko. Ang gobernador ang humihirang at ang lehislatura ang nagpapatibay sa mga nominasyon. Ang mga termino ay limang taon, at may ibang terminong nagtatapos bawat taon. Sa kasalukuyan, ang Komisyon ay binubuo ng dalawang miyembro ng Partidong Republikano, dalawang miyembro ng Partidong Demokratiko, at isang kasaping mula sa publiko.

PAANO NAMIN KAYO MATUTULUNGAN?

Ang ahensyang ito ang pinagkukunan ng publiko ng impormasyon tungkol sa lahat ng aspeto ng mga batas sa pagsisiwalat. Nakatuon kami sa pagtupad sa aming misyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa publiko. Karamihan sa impormasyong ito ay maaaring ma-access sa pamamagitan ng website ng APOC. Maaari ninyong malaman kung sino ang nag-ambag sa isang partikular na grupo ng panukalang balota, kung aling mga komite para sa aksiyong pampulitika ang may pinakamalaking ginagasta, kung aling mga lobista ang nagtatrabaho para sa aling mga nagpapatrabaho, kung sino ang nag-aambag sa mga kandidato, at kung gaano kalaki ang ibinibigay at ginagasta upang maimpluwensiyahan ang mga botante. Nakikipagtulungan ang APOC sa publiko at sa mga nagsusumite ng mga ulat na pampinansyal upang gawing mabisa, mahusay, at malinaw ang proseso ng pagsisiwalat.

Bisitahin ang aming website o makipag-ugnayan sa aming tanggapan para sa impormasyon kung paano mahahanap ang impormasyong hinihingi ng mga batas na pinangangasiwaan ng APOC. Ito ang ahensiya ng publiko at ikinalulugod naming magkaroon ng pagkakataong paglingkurin kayo sa pamamagitan ng APOC.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Telepono: (907) 276-4176 / (800) 478-4176

Website: https://apoc.doa.alaska.gov

Email: apoc@alaska.gov

Maghanap ng mga Ulat Online: https://aws.state.ak.us/ApocReports/Home.aspx

Tampok na Artista sa Pabalat



(Amanda Rose Warren)

Ang tampok na artista para sa Opisyal na Polyeto ng Halalan ng Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska para sa Pangkalahatang Halalan ng 2026 ay ang artistang nakabase sa Anchorage na si Amanda Rose Warren.

Ang kanyang konsepto, na pinamagatang “Sa Ilalim ng Iisang Aurora,” ay nagpapakita ng limang tauhang kumakatawan sa iba’t ibang rehiyon ng Alaska, na lahat ay nasa ilalim ng iisang aurora. Ang mga disenyo ni Warren ay hindi lamang natatangi sa estado kundi sumasalamin din sa pagiging inklusibo ng limang rehiyon ng Alaska.

Gumuhit siya ng isang Balyenang Humpback para sa Rehiyon I (Juneau), isang Moose para sa Rehiyon II (Anchorage), isang Soro para sa Rehiyon III (Fairbanks), isang Musk Ox para sa Rehiyon IV (Nome), at isang Oso para sa Rehiyon V (Wasilla). Ang iisang aurora ang nag-uugnay sa bawat disenyo, na nagpapakita ng pagkakaisa ng mga rehiyon. Bilang paggunita sa halalan ngayong taon, isinama niya ang parehong watawat ng Estados Unidos at watawat ng Alaska sa bawat ilustrasyon.



(Balyenang Humpback)



(Moose)



(Soro)



(Musk Ox)



(Oso)

“Ako ay labis na nasasabik at pinararangalan na likhain ang sining para sa pabalat ng Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska. Isa itong makabuluhang proyekto para sa mga mamamayan ng Alaska, at lalo itong naging espesyal dahil ang aking panganay na anak ay boboto sa kauna-unahang pagkakataon ngayong taon,” pahayag ni Warren. “Taospuso kong inaasahan na ang aking mga likhang-sining ay magbibigay ng ngiti sa mga tao at makahihikayat sa lahat na lumabas at bumoto!”

Inirekomenda siya bilang artista para sa pabalat ni Amanda McColley, Superbisor ng Rehiyon III ng Fairbanks. Sinabi ni McColley na naging inspirasyon ang masaksihan ang kanyang paglago bilang isang artista, at siya at ang kanyang mga kawani ay nagpapakita ng ilan sa kanyang mga likhang-sining sa kanilang tanggapan sa Fairbanks.

“Ang kanyang mga likhang-sining ay hindi kailanman hindi napapansin. Ang mga botanteng bumibisita sa aming tanggapan ay madalas na humihinto upang hangaan ang kanyang mga gawa, at madalas itong nagiging simula ng magagandang at positibong pag-uusap,” sabi ni McColley.

Inilalarawan ni Warren ang kanyang sarili bilang isang artistang natutong mag-isa, at inilalarawan niya ang kanyang mga likha bilang “kakaiba at mapaglaro,” na may matatapang na kulay at masiglang mga guhit na nagbibigay ng masayang karakter sa kanyang mga obra. Bukod pa rito, ang kanyang mga likhang-sining ang tampok sa mga sticker na “Bumoto Ako” ng Dibisyon ng mga Halalan para sa halalan ng 2026.

ALASKA DIVISION OF ELECTIONS
P.O. Box 110017
Juneau, Alaska 99811-0017

NON PROFIT ORGANIZATION
US POSTAGE PAID
PORTLAND, OR
PERMIT #4818

TO LOCATE YOUR POLLING PLACE: https://myvoterportal.alaska.gov/
OR CALL TOLL-FREE: (866) 952-8683 or 907-465-4611 (Juneau)

REGIONAL ELECTIONS OFFICES

Region I Elections Office
(House Districts 1-6)
P.O. Box 110018
Juneau, Alaska 99811-0018
Phone: (907) 465-3021
Toll free: 1-866-948-8683

Region II Elections Office
(House Districts 9-24)
2525 Gambell Street, Suite 100
Anchorage, Alaska 99503-2838
Phone: (907) 522-8683
Toll free: 1-866-958-8683

Region III Elections Office
(House Districts 31-36)
675 7th Avenue, Suite A1
Fairbanks, Alaska 99701-4531
Phone: (907) 451-2835
Toll free: 1-866-959-8683

Region IV Elections Office
(House Districts 37-40)
P.O. Box 577
Nome, Alaska 99762-0577
Phone: (907) 443-5285
Toll free: 1-866-953-8683

Region V Elections Office
Phone: (907) 373-8952
Toll free: 1-844-428-8952

(House Districts 25-30)
1700 E. Bogard Road, Suite B102
Wasilla, Alaska 99654-6565

(House Districts 7-8)
11312 Kenai Spur Hwy, Suite 48
Kenai, AK 99611-9106